# Agimat:

## *Ang Alamat ni Tomas Briones ng Aklan*

Dulang Ganap ang Haba

Palanca Awards 2014

## Buod ng "Agimat"

Kwento ni Tomas Briones, isa sa 19 na martir ng Aklan na ang katanyagan ay natatabunan ng mga anino nina Francisco del Castillo at Candido Iban, ang "Agimat." Kwento rin ito ng kanilang pagkakaibigan, at ng Rebolusyon ng 1896, at kung paano binigo ng mga anting-anting o agimat ang laban ng mga Katipunero sa Aklan.

Sa Unang Yugto, magpapakilala si Tomas Briones at ipakikita niya ang simula ng lahat: ang kanyang Lola Puring na isang babaylan, ang kanyang nobyang si Eusobia, ang kanyang kaugnayan kay Candido, at ang pagkakilala nila ni Francisco.

Sa Ikalawang Yugto, ikukwento ni Candido ang pakikipagsapalaran nila ni Francisco bilang mga maninisid ng perlas sa Awstralya, at isasalaysay ni Tomas ang kanilang muling pagkita sa Tondo hanggang sa pagsali nila sa Katipunan ni Andres Bonifacio.

Sa Ikatlong Yugto, babalik sila sa Aklan para palawakin ang Katipunan ni Bonifacio. Babalikan din nila ang kanilang mga pangakong iniwan. Sa puntong ito, mas mahalaga na ang tawag ng pagkamakabayan kaysa sa pansariling mga pangarap.

Sa Ika-apat na Yugto, gugunitain ni Tomas ang mga huling araw ng Rebolusyon sa Aklan. Pagninilayan din nila ang kanilang naging mga buhay, at ang kanilang natatanging pakikipagkaibigan kay Francisco del Castillo na Heneral ng Katipunan. Bababa ang tabing sa kanilang pagkilala ng tunay na "agimat."

## MGA TAUHAN

Tomas Briones……………………...…………………….……martir ng Katipunan sa Aklan

Francisco del Castillo…………………………………...………….bayani ng Katipunan

Candido Iban…………………….………………...…………..bayani ng Katipunan

Eusobia Sucgang…………………..………………......……………kasintahan ni Tomas

Maria Yatar…………………….……………………………kasintahan ni Candido

Purisima Briones……………………...…………………………lola nina Tomas at Candido

Andres Bonifacio……………………………...…………………Supremo ng Katipunan

Procopio Bonifacio………………..………………………………………kapatid ni Andres

Benito Iban……………………………………..……………..……….kapatid ni Candido

Simon Inocencio…………………………………..…………...…….martir ng Katipunan

Sebastian 'Basti' Ramirez……………………...…...……..kaibigan nina Tomas at Francisco

Padre Patrick O'Shea………………………………..………….misyonero sa Awstralya

Mga Sirena

Mga Kainuman

Mga Sakada

Mga Kanaka

Mga Rebolusyonaryo

Mga lokal na pinuno ng Aklan noong panahon ng Rebolusyon

## TAGPO AT PANAHON

Ang aksyon ng dula ay nagaganap sa imahenasyon ng mga yumaong bayani at sa kanilang paggunita—sa huling dalawang dekada ng ika-19 na siglo sa Aklan, Negros, Awstralya, at Tondo.

***Prologo***

*Ispatlayt sa harap ng tabing. Papasok ang isang LALAKING naka-T-shirt na puti, skinny jeans na pantalon, baseball cap, at tennis shoes.*

LALAKI

*(nag-aatubili)*

Magandang gabi po sa inyong lahat.

*(itataas ang kanang kamay)*

Excuse me po. Kaunting katahimikan lang po bago tayo magsimula. Sino po rito si Tomas Briones na taga-Malinao, Aklan? Pakitaas lang po ang kanang kamay.

*(maghihintay ng pagtugon ng mga manonood)*

Tomas Briones po na taga-Malinao? Pakitaas lang po ang kanang kamay.

*(kunwaring naghahanap sa mga manonood, tapos titingin sa kanyang nakataas na kanang kamay)*

Ako lang ba ang nakataas ang kanang kamay?

*(aahem)*

Ako nga po si Tomas Briones na taga-Malinao, isang bayan po sa Aklan. Gusto ko pong magkwento tungkol sa isang nakaraang panahon na tila napakalayo na sa panahon ninyo ngayon.

Opo, panahon po ninyo. Dahil ang ikukwento ko ay tungkol sa panahon namin. Wala pa pong cellphone noon. Hindi po kami nagsusuot ng baseball cap noon. O ng tennis

shoes. Iyong kamesita po namin, camisa chino, mahaba ang manggas. At wala pong nagsusuot ng hapit na hapit na maong noon.

Para po bang ibang mundo? P'wes, mas lalo pong ibang mundo ang matutunghayan ninyo ngayon, kasi po, ikukwento ko sa inyo ang lahat ayon sa pagkaalala ko, sa paraang nais kong maalala. May magic po sa kwento ko. Naniwala po kami sa mga agimat at salamangka, sa mga anting-anting. Yumao na po ako. Kaya naman po ako bumalik ay dahil hindi ako matatahimik sa kabilang buhay hangga't hindi ko naipababatid ang aking kwento.

Katipunero po ako. Isa sa labinsiyam na pinaslang sa Kalibo, Aklan noong Marso 23, 1897. Mas kilala ninyo siguro sina Heneral Francisco del Castillo at Candido Iban. Lumulutang ang mga pangalan nila kasi nag-ambag sila ng malaking pera para sa imprenta ng Katipunan. Ako po ang ayudante ni Heneral del Castillo. At malayong kamag-anak ko naman si Candido, pero pinsan ang tawagan namin.

Kung handa na po kayo, inaanyayahan ko kayo sa aking kwento. Samahan n'yo po ako sa aking natatanging mundo. Meron pong sapa doon, malamig ang tubig at masarap lumangoy. May mga sirena po at may mahiwagang puno na nagbabago-bago ang kulay.

Relax lang po kayo. At pakiusap lang po, paki-turn off na lang po ng mga cellphone at beepers ninyo para hindi nadidisturbo ang katabi ninyo. Maraming salamat.

*Mamamatay ang ilaw.*

## UNANG YUGTO : ANG PINAGMULAN

*Unang Tagpo: Pangangalap*

Sa pagbukas ng tabing: *Ang buong ibabang bahagi ng entablado ay okupado ng isang parisukat o rektanggulong LABAK NG TUBIG na napapaligiran ng tablang kubyerta, mga tatlong talampakan ang lapad. Sa kaliwang dulo ng labak ay may MALAKING KATATWANG PUNO: puti ang mga dahon nito na parang mga maliliit na payong na nagbabagu-bago ang kulay ayon sa pagkakailaw. Sa dulong kanan ay ang TULAY na magsisilbing pasukan at labasan.*

*Sa itaas na bahagi ng entablado ay may espesyal na PINATAAS NA TANGHALAN [elevated platform]. Nakapinta ang langit dito. May sarili itong pasukan at labasan.*

*Pinakamainam na nakikita ng mga manonood ang ibabaw ng tubig at masalamin ang repleksyon ng mga tauhan.*

*Isang batong nababalot ng liwanag ang dahan-dahang mahuhulog mula sa itaas patungo sa tubig.*

TOMAS

*(mula sa labas)*

Ayun! Ayun! Doon sa sapa bumagsak!

*Patakbong papasok sina TOMAS at CANDIDO, kapwa matipunong binata, kapwa nakapulang pantalon lang.*

CANDIDO

*(papasok)*

Sisirin mo!

*Lulundag si TOMAS sa tubig.*

*Maglalaro ang mga ilaw at kulay sa mga dahon. ISANG MAKAWIWILING PALABAS. Magbabagu-bago ang kulay, mga kulay ng bahaghari hanggang manatiling LILA.*

*Aahon si TOMAS.*

CANDIDO

Nakuha mo ba?

TOMAS

Hindi, e. Pero sisisirin ko uli mamaya.

CANDIDO

Ano kaya ang silbi ng mga agimat sa kabilang buhay?

TOMAS

Ewan. Pero alam natin kung ano ang nagagawa ng agimat sa rebolusyon.

CANDIDO

Inasa natin sa mga agimat ang ating mga buhay.

*Walang gagalaw maliban kay TOMAS.*

TOMAS

Sabi ng lola, ang mga sapa, batis, lawa, at dagat ay makapangyarihan. Banal ang mga anyong tubig. Ang mga ito ang nararapat na pook para sa pagsamba ng mga anito. Dito rin nakatira ang mga espiritung nagbibigay ng mga kapangyarihan. Maraming lihim

ang mga anyong tubig na tanging ang mga matatapang lamang ang nakakatuklas.

CANDIDO

*(gagalaw na muli)*

Sa Tinagong Dagat, nangangalap tayo nina Lola Puring ng mga anting-anting kung Biyernes Santo.

TOMAS

Kung minsan naman sa mga bundok at yungib. Para naman kasi kay Lola, kahit saan pwedeng makuha ang agimat.

CANDIDO

Hindi naman kahit saan. May mga lugar talaga na napagkukunan ng mga agimat. Basta marunong ka lang kumilatis sa kapaligiran mo at handa kang lumaban sa mga espiritu.

TOMAS

Hindi man lang ako nagkaroon ng agimat.

CANDIDO

Kung hindi mo makukuha ang maliwanag na batong bumagsak na iyon, hindi ka na siguro magkakaagimat. Hindi sa lupa, hindi sa kabilang buhay.

*Magbabago ang kulay ng mga dahon. Kulay DALANDAN (para ihudyat ang nakaraan at ibang panahon). Papasok sina LOLA PURING, mahigit sa 60 taon ang edad, at NENENG, hindi hihigit sa walong taong gulang. Nakapatadyong si LOLA, may dala-dalang buslong naglalaman ng mga ligaw*

*na halaman at mga gamit ng babaylan.*

LOLA

*(papasok)*

Oy, Toming, saan ka pa pupunta? Uuwi na tayo.

TOMAS

Sandali lang, Lola.

CANDIDO

'Wag mong sabihin na sisisirin mo uli.

TOMAS

Teka lang. Hintayin n'yo lang ako rito.

*Lulundag uli si TOMAS sa tubig. Aahon na may dala-dalang maliit na bato.*

NENENG

Ano 'yan, Manong?

TOMAS

*(kay Lola)*

Lola, tingnan po ninyo kung ano ang magagawa nito.

LOLA

*(magagalak)*

Aba, batong-buhay ito, Toming. Maswerte kang bata ka. Mabisa itong pampahilom ng mga sugat. Ilalagay natin ito sa aking lana, ha?

TOMAS

Sige po, Lola. Bahala kayo.

*Dadampot ng karaniwang bato si Neneng.*

NENENG

*(ipiprisinta ang karaniwang bato kay LOLA)*

Eto rin, Lola, o.

CANDIDO

*(parang bata)*

Naku, e, ang pangit-pangit naman ng batong 'yan.

*(magpiprisinta rin ng karaniwang bato)*

Ito ang tingnan mo.

LOLA

O, s'ya, s'ya. Tama na 'yan. Baka mag-away pa kayo. O, bitbitin n'yo na iyang mga halamang gamot na pinangalap natin at tayo nang umuwi.

NENENG

Manong Toming, kargahin mo ako.

CANDIDO

Ako rin, pinsan.

TOMAS

Kayo talaga, oo. Sama kayo nang sama tapos magpapabuhat lang naman pala kayo.

NENENG

Sige na, Manong. Malakas ka naman, e.

CANDIDO

Oo nga, pinsan.

*Guguluhin ni TOMAS ang buhok ni NENENG. Iiling lang ang LOLA. Maglalaro ng habulan sina CANDIDO at NENENG at patakbong lalabas.*

*Ikalawang Tagpo: Panggagamot*

*Magbabago ang ilaw sa mga dahon. Kulay BUGHAW.*

*Mula sa buslo, aayusin ni LOLA ang kanyang mga gamit sa kubyerta sa GILID NG LABAK. Uupo siya at maghahalo ng mga halamang gamot.*

LOLA

Toming, maupo ka sa tabi ko. Tulungan mo ako rito.

TOMAS

Lola naman, e. Manonood po ako ng sandukuhan. Hinihintay ako nina Moni at Didong.

LOLA

Ano ba? Tulungan mo muna ako rito.

TOMAS

*(may pagmamaktol)*

Gagawa na naman ng lana at herbal?

LOLA

O, bakit parang pinaparusahan ka?

TOMAS

E, Lola, hindi naman bagay sa akin ang maging katulad mo. Pang-trabahong kalabaw po ako.

LOLA

At kanino ko pa ipapamana ang mga nalalaman ko, aber? 'Yang mga kapatid mo, wala

man lang kahit na katiting na hilig.

*Uupo si TOMAS at dadamputin ang isang ugat.*

TOMAS

Wala rin akong hilig.

LOLA

Alam ko. Pero alam ko ring hindi mo matatanggihan ang lola mo. Tsaka, malaki ang potensyal mo. Nakikita kong may likas kang kapangyarihan.

*Puputul-putulin ni TOMAS ang ugat.*

TOMAS

Lola naman. Niloloko mo ako, e.

LOLA

Basta, tulungan mo na lang ako.

*Lalagyan ni LOLA ng langis ang isang boteng puno na ng mga samut-sari. Hindi ito pinapansin ni TOMAS.*

LOLA

Ang lanang ito ay makagagaling ng kahit na anong sugat.

*Mapapatingin si TOMAS. Lalagyan uli ni LOLA ng langis ang isa pang bote. Buong atensyong pagmamasdan ni TOMAS ang ginagawa ni LOLA.*

TOMAS

Sino ang nagturo sa iyong manggamot, Lola?

LOLA

Nasa dugo natin iyan. Ang mga kalolo-lolohan natin ay mga bantog na babaylan.

*(may pait at galit)*

Ayon sa mga kwento ng lolo ko na apo ng pinakalolo niyang babaylan, labin-siyam sa mga dakilang babaylan ay pinugutan ng ulo noong dumating ang mga Kastila dito sa bayan natin para takutin ang mga kagaya nila. Itinaboy ng mga paring Kastila sa mga bundok ang mga babaylan noon dahil kagagawan daw ng mga masasamang espiritu ang mga panggagamot nila. P'wede bang gumawa ng magaling ang diyablo?

TOMAS

Kaya ba galit sa inyo si Padre Salvi?

LOLA

Maghubad ka ng pantalon.

TOMAS

Lola?!!

LOLA

Maghubad ka. Mahihiya ka pa sa akin, e, ako naman ang nag-alaga sa iyo mula pagkabata?

TOMAS

Bakit nga ba ganoon, Lola? Bakit hindi ako nakatira kina Tatay kasama ni Inay at ng mga kapatid ko?

LOLA

Bukod-tangi ka sa inyong magkakapatid. Hindi ko sasabihin ang iyong lihim kung

hindi ka maghuhubad.

*Mapipilitang maghuhubad ng pantalon si TOMAS. Tatakpan niya ng kanyang palad ang kanyang ari. Pabirong pipitikin ni LOLA ang kamay na nakatakip sa ari. Tapos, ituturo ni LOLA ang maliit na BALAT na hugis-bilog sa kanang puwet ni TOMAS.*

LOLA

'Yan ang tanda na ikaw ay pinagpala.

TOMAS

Lola, nagbibiro kayo. Ano ang nagagawa nito?

*Maghuhubad din si LOLA ng kanyang PATADYONG, ipapakita ang kanyang mas malaking BALAT na hugis-bilog sa kanyang kanang puwet.*

LOLA

Nasa sa iyo. Ikaw ang magpapasya kung ano ang kaya mong gawin. Kaya mo ang mga ginagawa ko, at higit pa.

*(isusuot uli ang patadyong)*

Unti-unti lalaki ang markang iyan kung gagamitin mo sa mabuti ang taglay mong kapangyarihan. Unti-unti ring mawawala kung pagdududahan mo ang sarili mong galing.

*Isusuot ni TOMAS ang kanyang pantalon.*

LOLA

Magtiwala ka sa iyong sarili pero huwag kang magmalaki, 'wag kang maging hambog. 'Wag mong ipagyabang ang anumang kapangyarihan meron ka. Mawawala ang bisa ng markang iyan kung sasabihin mo sa iba; maliban na lang kung may kaparehong marka rin sila. Kung gusto mong magkapera, magbanat ka ng buto. Pero 'wag mong gamitin ang iyong kapangyarihan para mapadali ang pagkuha ng pera. Naiintindihan mo ba ako, Toming?

TOMAS

Opo, Lola.

*Walang gagalaw maliban kay TOMAS.*

Pero wala yata akong naintindihan. Hindi ako naniwala sa mga agimat at anting-anting. Marami akong pagdududa. Hindi ako kagaya ni Candido. O ni Francisco. Tinuruan ko silang mangalap ng agimat at nakakuha sila ng mga anting-anting.

*Bahagyang liliwanag ang ilaw.*

EUSOBIA

*(mula sa labas)*

Lola! Lola Puring!

LALAKI 1

*(mula labas)*

Magandang hapon po! Tao po!

*Papasok sina EUSOBIA, isang magandang dalaga,*

*ilang LALAKI at ang duguang si CANDIDO. Mukhang nakainom ang mga lalaki, ang iba ay may dala pang mga baso at kawit ng tuba. Mapapansing nagkakahiyaan sina EUSOBIA at TOMAS.*

EUSOBIA

*(papasok)*

Lola! Lola Puring, nasugatan po si Didong.

TOMAS

Bakit duguan si Didong? Aba'y paupuin ninyo.

LOLA

O, ano naman ang nangyari riyan? Kung kailan pa paalis na ako.

LALAKI 1

*(dala-dala ang baso at kawit ng tuba)*

Lola, nahagip po ng sanduko si Didong. Napalalim yata ang sugat.

LOLA

Naku, kayo talagang mga kabataan ngayon, oo.

*(titingnan ang sugat)*

Inom kayo nang inom ng tuba, tapos, magtatagaan.

LALAKI 2

E, sundukuhan iyon, Lola. Alam mo namang tuba talaga ang nagpapatapang at pampalakas ng loob doon.

*Papahiran ni LOLA ng lana ang sugat.*

LOLA

Hu, 'yang katapangan, dapat ilagay sa maayos. Hindi iyan ipinagyayabang. Mahilig kayo sa pakitang-gilas.

CANDIDO

Unti-unting nahihilom ang sugat ko! Nahihilom ang sugat!

*Mamamangha ang dalawang lalaki, magbubulung-bulungan.*

TOMAS

Ang galing-galing talaga ng Lola Puring ko.

LOLA

Hay, naku. 'Wag n'yo na akong utuin.

*(sa LALAKI 1)*

Ikaw ba ang dumale nito, Tagoy? Naku, mabuti hindi ikaw ang nataga.

*(kay CANDIDO)*

O, s'ya. Ipahinga mo na muna iyan, Didong. 'Wag ka munang magbubuhat ng mabigat hanggang sa susunod na araw, ha?

CANDIDO

E, Lola, magaling na naman po ang sugat, di ba? Nawala na nga, e.

LOLA

Naku, 'wag mo nang kontrahin ang sinabi ko. Basta, ipahinga mo muna iyan.

CANDIDO

Opo, Lola. Salamat po.

LALAKI 1

O, ito, Lola. Tumagay muna kayo kahit isang baso lang.

LOLA

At isasali n'yo pa ako sa inyong kalokohan.

*(titingnan ang baso)*

Patikim nga.

*Magtatawanan ang lahat. Lalagok si LOLA.*

LOLA

Aba, mukhang masarap, a. Isa pa nga!

*Tawanan.*

LOLA

O, iiwanan ko na muna kayo at may gagamutin pa ko sa kabilang baryo.

CANDIDO

Ay, aalis na rin kami, Lola. Tutal nahilom na ang sugat ko.

LOLA

Hindi sa itinataboy ko kayo, ha? Talaga lang na may pupuntahan ako sa kabilang baryo.

LALAKI 1

Alam naming palagi kayong abala, Lola.

CANDIDO

Maraming salamat po uli.

LALAKI 2

Sasabay na po kami sa inyo, Lola.

*Lalabas sila maliban kina TOMAS at EUSOBIA na magpapaiwan.*

*Ikatlong Tagpo: Ligawan*

*Magbabago ang ilaw. Kulay ROSAS. Mamamasyal sa palibot ng tubig ang dalawa.*

EUSOBIA

Napakaganda, Toming.

TOMAS

Sabi ko nang magugustuhan mo ang sorpresa ko sa iyo.

EUSOBIA

Hindi pa ako nakapunta dito. Ang ganda-ganda!

TOMAS

Alam ko. Kaya nga niyaya kita rito. May mahalaga akong sasabihin sa iyo.

EUSOBIA

*(ituturo ang itaas sa likuran ng mga manonood)*

May mga hayop kaya sa batong iyon?

TOMAS

Sobing…

EUSOBIA

Papaano kaya nagkaroon ng mga tanim doon sa itaas?

TOMAS

Sobing, mahal kita.

EUSOBIA

A, alam ko na! Hinulugan siguro ng ibon ng mga buto.

TOMAS

Sobing, mahal kita.

EUSOBIA

Alam ko na nga. Pero binigla mo naman yata ako.

TOMAS

Mahal mo rin ba ako?

EUSOBIA

Siguro, dahil sumama ako sa iyo rito.

TOMAS

*(aakmang hahalik kay EUSOBIA)*

Kung gayon, e…

EUSOBIA

*(iiwas)*

Oy, oy, oy, oy. Ano ang ginagawa mo… Toming, 'wag!

TOMAS

Sige na, isa lang…

EUSOBIA

Toming, 'wag. Ano ba? Mahuhulog tayo. Ayyy!

*Mahuhulog sila sa tubig.*

EUSOBIA

*(tumatawa)*

Sabi nang mahuhulog tayo, e.

*Walang gagalaw maliban kay TOMAS.*

TOMAS

Mahal ko si Eusobia. Alam kong siya lang ang babae para sa akin. Pero hindi ako mapakali. Naghahanap ng mga panibagong hamon ang aking puso.

*Muling gagalaw si EUSOBIA.*

*Aahon sina EUSOBIA at TOMAS, uupo sila sa ilalim ng puno at magpapatuyo.*

*Papasok ang magkasintahang CANDIDO AT MARIA. Uulitin nila ang usapan nina EUSOBIA AT TOMAS nang may kaunting pagkaiba ang tono at medyo mabilis.*

MARIA

Napakaganda, Didong.

CANDIDO

Sabi ko nang magugustuhan mo ang sorpresa ko sa iyo.

MARIA

Hindi pa ako nakapunta dito. Ang ganda-ganda.

CANDIDO

Alam ko. Kaya nga dito kita niyaya. May mahalaga akong sasabihin sa iyo.

MARIA

*(ituturo ang itaas sa likuran ng mga manonood)*

May mga hayop kaya sa batong iyon?

CANDIDO

Mayang…

MARIA

Papaano kaya nagkaroon ng mga tanim doon sa itaas?

CANDIDO

Mayang, mahal kita.

MARIA

A, alam ko na! Hinulugan siguro ng ibon ng mga buto.

CANDIDO

Mayang, mahal kita!

MARIA

Alam ko na nga. Pero binigla mo naman yata ako.

CANDIDO

Mahal mo rin ba ako?

MARIA

Siguro, dahil sumama ako sa iyo rito.

CANDIDO

*(aakmang hahalik kay MARIA)*

Kung gayon, e…

MARIA

*(iiwas)*

Oy, oy, oy, oy. Ano ang ginagawa mo… Didong, ‘wag!

CANDIDO

Sige na, isa lang…

MARIA

Didong ‘wag. Ano ba? Mahuhulog tayo. Ayayay!

*Maghahalikan sila.*

*Tapos, maghahabulan palabas.*

*Magdidilim.*

*Ika-apat na Tagpo: Paalam*

*Magkakailaw ng BUGHAW.*

*Papasok ang LOLA.*

LOLA

Kung bakit naman kasi kailangan mo pang pumunta ng Negros para lang magtrabaho.

TOMAS

Lola, binata na po ang apo ninyo. Kailangan ko nang patunayan ang sarili ko.

LOLA

P'wede ka namang magsaka rito.

TOMAS

Lola, gusto ko pong yumaman. Pakiramdam ko wala akong kahihinatnan kung mananatili lang ako rito sa Malinao. Parang tinatawag ako sa isang malayong lugar. May nakikita akong dagat sa mga panaginip ko. At hindi iyon ang Tinagong Dagat sa Look ng Batang.

LOLA

Dagat pala ang nakikita mo. E, bakit doon ka pupunta sa plantasyon ng tubo?

TOMAS

Lola, simula lang po ito ng pakikipagsapalaran ko. 'Tsaka, tatawid naman ako ng dagat papuntang Negros, 'di ba?

LOLA

Bahala ka na nga, bata ka.

TOMAS

At ‘wag po kayong masyadong mag-alala sa akin, Lola. Kasama ko naman po si Pinsang Didong.

LOLA

Paano mo sasabihing hindi ako mag-alala, e, apo kita?

*(iaabot ang nakalulon na pera)*

O, dalhin mo na ito.

TOMAS

Naku, ‘wag na po, Lola.

LOLA

‘Wag mo akong tanggihan. Magagalit ako.

*(ibibigay ang bote ng lana)*

O, pati na itong lana, dalhin mo na rin.

TOMAS

Ay, Lola, ‘wag na po. Ipinanggagamot ninyo ito rito, e.

LOLA

Dalhin mo na. Mas kailangan mo iyan. Mabisang panggamot iyan lalong-lalo na sa mga sugat. Gagawa na lang uli ako ng gagamitin ko.

TOMAS

Salamat po, Lola.

LOLA

Magpakabait ka, Tomas. ‘Wag kang masyadong matapang. Hindi lakas ng kamao o

dulo ng patalim ang sukatan ng tapang. Ikaw, bata ka, masyado kang malakas ang tiwala sa sarili. Masyado kang matapang. 'Wag kang makipagbiro sa tadhana. Mag-ingat ka lagi.

TOMAS

Sige na po, Lola. Aalis na ako.

*Hahalik at yayakap kay LOLA si TOMAS. Mangiyak-ngiyak ang matanda.*

EUSOBIA

Ihahatid ko na po si Toming, Lola.

LOLA

Sige, kaawaan kayo ng Diyos.

*Lalabas si Lola.*

EUSOBIA

Baka naman kakalimutan mo na kami niyan.

TOMAS

Aba, hindi, a. Kapag naayos na ako doon, babalik ako para dalawin ka kaagad.

EUSOBIA

Maniwala ako sa iyo.

TOMAS

Hindi ako nagbibiro, Sobing. Alam mo namang…

EUSOBIA

Talaga?

TOMAS

Babalik ako, Sobing. Babalikan kita.

*Pilit na ngingiti si EUSOBIA.*

*Magdidilim.*

*Ikalimang Tagpo: Hula*

*Sa muling pagliwanag, nagtatampisaw sa LABAK NG TUBIG ang magkakaibigang TOMAS, FRANCISCO at CANDIDO. Naglalaro sila at nagbabasaan, naghahabulan, nagkakantiyawan. Kulay DALANDAN ang ilaw.*

TOMAS

*(aahon)*

Sumama ako kay Candido patungong Negros. Malayong magkamag-anak kami, pero pinsan ang tawagan namin. Kaming dalawa ang dating magkadikit hanggang sa napadpad kami sa Negros. Doon namin nakilala si Francisco. Naging matalik na magkaibigan silang dalawa. Gusto ko ring maging malapit kay Francisco pero medyo hambog siya. Sa barko, may lumapit sa akin. Isang manghuhula.

*Papasok si TANDANG SAYONG, maghuhula. Lalapit kay TOMAS.*

TANDANG SAYONG

Nonoy, unang biyahe mo?

TOMAS

Opo. Paano po ninyo nalaman?

TANDANG SAYONG

Akin na ang mga kamay mo.

TOMAS

Manghuhula po kayo? Wala po akong ipambabayad.

TANDANG SAYONG

May mga bagay na hindi kayang bayaran. Akin na ang mga kamay mo.

TOMAS

Talaga po bang makikita ninyo ang kapalaran ko?

TANDANG SAYONG

*(binabasa ang mga palad ni TOMAS)*

Ito ang simula ang iyong mahabang paglalakbay. Magiging makapangyarihan ka… Kapitan? Gobernadoncillo? Maraming makikinig sa iyo. 'Yon ay kung hindi ka mag-aatubili. Kung hindi mo pagdududahan ang iyong sariling kapangyarihan. Alalahanin mo si Tomas na apostol ng Panginoon. Nagduda siya. Ang trahedya mo, hindi mo makikita ang iyong magiging anak at ang kamatayan ng mga taong pinakamamahal mo. May nakikita akong mga kogita at kabibe, isang babaeng singganda ng sirena. Isang islang puro lalaki, walang babae. Pero lumalabo ang pangitain. Naghuhudyat ng iyong pag-aatubili at pagdududa. Mga talahib, tumatakbo ka sa talahiban. Sa paglalakbay mong ito, matatagpuan mo ang kakasamahin mo sa habambuhay, halos hindi ka makapaghindi sa kanya.

TOMAS

Paano mangyayari iyon, e, naiwan sa Malinao si Eusobia ko?

TANDANG SAYONG

Hindi ka naniniwala sa akin, ano?

TOMAS

Madalas din po akong makapanaginip ng mga pating at kogita.

TANDANG SAYONG

Makakatagpo ka ng mamahalin mo nang higit pa sa iyong buhay.

TOMAS

Lola, naipangako ko na po ang puso ko. May nobya na po ako.

*Tatango lang si TANDANG SAYONG at tahimik na lalabas.*

*Ika-anim na Tagpo: Sakada*

*Magbabago ang ilaw. Kulay BERDE.*

*Aahon si Francisco. Magpapatuyo.*

TOMAS

Sa aming tatlo, pinakamalakas ang dating si Francisco. Matipunong lalaki, simpatiko at hindi nahihiyang magpahayag ng kanyang saloobin at kaisipan. 'Yon lang, may pagkahambog. Pero mas masidhi ang damdamin ko para sa kanya kaysa sa pinsan kong si Candido.

*Papasok si KABO DOLFO, 35 taong gulang, mukhang malupit at mabagsik. Pumapangus siya ng tubo habang kinakausap sina TOMAS at CANDIDO. Kagat, nguya, supla.*

KABO DOLFO

Ayoko ng batugan at mas lalong ayoko ng mareklamo. Kung hindi ninyo gusto ang pamamalakad ko, malaya kayong umalis anumang oras. Naiintindihan n'yo ba?

TOMAS

Opo. Kailan po kami maaring magsimula?

KABO DOLFO

Aba, e, ngayon na mismo.

*(magbabago ang isip)*

Pero, teka, baka naman sabihin ninyo, e, hindi ko man lang inunawang galing kayo sa biyahe. Sige, tutal tanghali na naman, pagkatapos kumain na lang kayo magsimula.

Tandaan ninyo, hindi uubra rito ang tatamad-tamad. Ang gusto ni Don Victorino, masipag at may-kusa ang mga trabahadores. Nagkakaintindihan ba tayo?

TOMAS

Opo.

KABO DOLFO

Si Francisco na ang bahalang magtuturo sa inyo ng mga dapat n'yong malaman.

*Sa likod ng entablado, magkakagulo. Maririnig ang usapan.*

SAKADA 1

*(sa labas)*

Si Mauricio, nadaganan ng bagon!

SAKADA 2

*(sa labas)*

Tulong! Tulungan n'yo ako!

SAKADA 1

*(sa labas)*

Dali! Tulungan natin. Kawawa naman.

SAKADA 2

*(sa labas)*

Tulungan n'yo ako! Tulungan ninyo ako!

KABO DOLFO

*(patungo sa labas)*

Hijo de cabron! Ano't… Hay, ang tatanga talaga ninyo. 'Yang si Mauricio, ang tanga-tanga talaga. Siguro natutulog habang nagtatrabaho 'yan… Ayusin n'yo 'yan, ha. Mga bwisit!

*Tatakbo palabas si FRANCISCO.*

*Susunod si CANDIDO.*

TOMAS

Paano ka hindi hahanga sa liksi at lakas ni Kiko? Limang tao ang nagtangkang gumalaw ng bagon na dumagan kay Mauricio, pero hindi nila ito natinag. Pero si Francisco, isang tulak lang.

*Bahagyang liliwanag.*

Mabilis kaming naging magkaibigan. Kahit medyo hambog, hindi mahirap mahalin si Francisco. Minsan, nasugatan si Kiko. Nalingat siya habang namumutol ng tubo at nasugatan niya ang sarili.

CANDIDO

*(sa labas)*

Pare, nasugatan ka.

FRANCISCO

*(sa labas)*

Oo, medyo nalingat kasi ako. Pero 'wag kang mag-alala, hindi naman masyadong malalim.

CANDIDO

*(sa labas)*

Teka, pare. Si Toming! May dala siyang lana na gawa ni Lola Puring. Papahiran lang natin ng lana iyan at nang madaling gumaling.

*Papasok sina FRANCISCO at CANDIDO.*

CANDIDO

Toming, meron ka pa bang lana? Nasugatan si Kiko.

FRANCISCO

Meron ba, Toming?

*Kukunin ni TOMAS ang maliit na bote mula sa kanyang bulsa, bubuksan ang bote ng lana at papahiran ang sugat ni FRANCISCO.*

FRANCISCO

Salamat, Toming, ha?

*(patlang)*

Narinig n'yo ba ang ipinagyayabang ni Basti? Maraming Pilipino raw ang pumupunta sa Awstralya, naninisid ng perlas. Marunong naman tayong lumangoy. Mahilig naman tayong makipagsapalaran. Gusto n'yo bang pumunta ng Awstralya?

TOMAS

Ha?

FRANCISCO

Matagal ko nang balak pumunta. Naghihintay lang ako ng tamang panahon. At ng mga tamang taong makakasama.

TOMAS

Hindi ba ang layu-layo naman ng Awstralya? Paano kung hindi natin magustuhan doon, hindi tayo dali-daling makauwi.

CANDIDO

Awstralya? Sama ako r'yan.

TOMAS

Paano ang nobya mo? Ang pamilya mo?

CANDIDO

Ikaw talaga, Toming, ang dami mong iniisip. Mabagal ka magdesisyon. Basta may pagkakataon, sunggab ka lang kaagad.

FRANCISCO

Bakit ka ba masyadong maraming pag-aatubili, Toming?

TOMAS

Nag-iisip lang ako. Kasalanan ba ang magnilay bago gumawa ng mga bagay-bagay?

CANDIDO

Marami ka nang pinakawalan na mga pagkakataon, Toming. Kung hindi pa kita pinilit na magsakada rito sa Negros, hanggang ngayon, naroroon ka pa rin sa Malinao.

TOMAS

*(sa mga manonood)*

Sa Malinao, kami ang may-ari ng lupang aming sinasaka. Dito, trabahadores lang kami. Sakada. Nagpapayaman sa mga Kastilang haciendero.

FRANCISCO

Aba, magaling itong lana mo, a. Humilom kaagad ang sugat ko.

TOMAS

Daplis lang naman kasi. Mamaya lang ng kaunti, mawawala na iyan.

FRANCISCO

Hindi! Talagang magaling ang lanang ito. Hanga naman talaga ako sa Lola Puring ninyo.

*Magkukwento si TOMAS. Habang nagsasalita siya, sa pinataas na ESPESYAL NA TANGHALAN, tatakbo ang nagwawalang BABAENG SINASANIBAN, halos hubad na. Bumubula ang laway. Pinipigilan ng ILANG LALAKI. Tinititigan lang at inoorasyonan ni LOLA PURING. Magwawalang lalo ang BABAENG SINASANIBAN kapag binabasbasan siya ng lana ni LOLA. Hanggang sa ito'y manghina, mawawalan ng malay, at magigising na magaling na.*

TOMAS

Babaylan ang lola namin. Magaling siyang manggamot. Noon, sa kanya pumupunta ang halos lahat na maysakit sa aming baryo. Kaya nga siguro nagalit ang aming kura-paroko. Minsan, isang babae ang sinaniban ng masamang espiritu. Pinakonsulta siya sa

manggagamot sa bayan pero wala naman daw siyang sakit. Binasbasan ng pari, pero wala ring nangyari. Pinatingnan kay Lola at kaunting basbas lang, gumaling ang babae. Mula noon, nagalit ang pari sa lola ko. Pinagsabihan pa ang mga taga-parokya na 'wag daw magpatingin sa lola ko. Mangkukulam daw ang lola. Pero pumupunta pa rin ang mga tao sa lola ko. Ako naman, tumigil na sa pagkasakristan.

FRANCISCO

Marami rin akong naririnig tungkol sa mga anting-anting at agimat na 'yan. Mahirap paniwalaan pero magaling itong lana ng lola ninyo.

TOMAS

Magaling na babaylan ang Lola.

FRANCISCO

May mga anting-anting ba kayo?

*Aalisin ni CANDIDO sa pamaywang ng kanyang pantalon ang isang maliit na telang-supot na may lamang maliit na bato.*

CANDIDO

Eto.

*(nagmamalaki)*

Kaya nitong kontrolin ang ihip ng hangin.

FRANCISCO

Talaga?

CANDIDO

Oo. Maghintay ka lang ng kaunti.

*Maghihintay sila ng sandali. Iihip ang hangin, mahina. Ngingiti sina FRANCISCO at TOMAS. Magkokonsentreyt naman si CANDIDO. Iihip uli ang hangin, mas malakas.*

CANDIDO

Kita mo na?

FRANCISCO

*(uubo, hindi naniniwala)*

Ikaw, Toming, anong agimat meron ka?

CANDIDO

Paanong magkaka-agimat 'yang si Toming, palaging nag-aatubili? Sa pagkuha ng agimat, hindi ka dapat nagdadalawang isip.

TOMAS

Wala pa akong anting-anting. Pero marami na akong nakuhang batong buhay. Ginagamit ng Lola para sa panggamot niya.

*Bahagyang magbabago ang ilaw. Mas makulimlim.*

Ikaw, Kiko, kung bibigyan ka ng anting-anting, anong kapangyarihan ang hihingin mo?

FRANCISCO

Ang gusto ko talaga?

*(bahagyang mag-iisip)*

Kabayong lumilipad. Puting kabayong lumilipad.

TOMAS

Masyado yatang pantastiko ang gusto mo. Bakit iyon?

*Lalong didilim ang ilaw.*

FRANCISCO

*(seryoso, may hapdi)*

Sa inyo ko lang sasabihin ito, Toming, Didong. Gusto kong hanapin ang Nanay ko at gusto kong gumanti sa mga Kastilang mapang-api.

*Unti-unting iilaw ang MGA BITUIN sa nakapintang langit. Habang nagkukwento si FRANCISCO ay isa-isang mahuhulog ang mga bituin. Uulan ng mga bulalakaw. Paisa-isa muna; tapos, talagang malakas na buhos na. Para bang umiiyak ang langit sa lungkot ng kwento ni FRANCISCO.*

FRANCISCO

Sa Isla Bantayan ako lumaki. Maaga akong naulila sa ama. Pero mahal ako ng aking ina kaya hindi ko naramdaman ang hapdi. Paninisid ng perlas ang gawain sa Bantayan noon. Malakas talaga. Dinadayo ng mga Kastila ang mga perlas namin. Pero noon 'yon. Wala na ngayon. Minsan, may isang mayamang Kastilang nagkagusto sa aking ina. Tinanggihan siya ni Nanay pero ginahasa niya ang aking ina. Nagsumbong ang aking ina sa mga nanunungkulan pero dinukot pa nila si Nanay. Mula noon, hindi ko na

nakita ang aking ina. Gusto kong hanapin si Nanay. Kaya gusto ko ng lumilipad na kabayo. Hahanapin ko ang aking ina sa lahat ng dako ng mundo.

TOMAS

Bayaan mo, Kiko. Kapag nakapunta tayo sa mga tamang lugar, tuturuan kitang kumuha ng anting-anting.

*Bahagyang magdidilim.*

*Sa muling pagkailaw, nagbubunong-daliri na sina CANDIDO at FRANCISCO habang nakadapa.*

TOMAS

*(sa mga manonood)*

Bunong-daliri. Pinsang laro ng bunong-braso. 'Yon ang mga libangan namin noon. Sa Malinao naman, sandukuhan. Tagaan talaga.

FRANCISCO

Toming, halika. Maglaro tayo.

TOMAS

Sige, salamat. Kayo na lang.

FRANCISCO

Halika na.

BASTI

*(papasok)*

O, kay Kiko ako, piso.

TOMAS

Sige, kay Didong ako.

BASTI

Bira, Kiko, sige pa!

TOMAS

Kayang-kaya mo ‘yan, Didong. Ayan na!

BASTI

Sige pa. Kaunti na lang. Sige pa. ‘Yan. ‘Yan. Ayyyaaann!!!

*Mananalo si FRANCISCO.*

BASTI

Ooops, ‘yong pera. Panalo na naman ako.

*Bahagyang liliwanag.*

FRANCISCO

Ano ba talaga ang nangyari? Bakit mo naman nilabanan si Kabo Dolfo?

BASTI

Sumusobra na siya, e. Grabe kung makatrato sa tao. Akala niya siguro hindi ko siya lalabanan.

FRANCISCO

Ano ngayon ang mangyayari sa iyo?

BASTI

E, di, aalis. Hindi lang naman ito ang p’wedeng mapagtrabahuhan. Sasama ako sa kuya ko sa pagbalik niya sa Awstralya.

FRANCISCO

Nakapunta na sa Awstralya ang kuya mo?

BASTI

Oo, maninisid ng perlas. Pabalik na naman siya. Gusto ninyong sumama?

*Magkakatinginan sina TOMAS at FRANCISCO.*

BASTI

Kung hindi pa kayo nadala sa impyernong lugar na ito, at sa hayop na kabong iyon, ako naman ay punung-puno na.

FRANCISCO

Magkano ang kakailanganin?

BASTI

Papuntang Awstralya? Wala. 'Yong may-ari ng kompanya na ang bahala sa atin pagdating natin sa Maynila. Maraming kaibigan si Kuya at malakas siya sa kompanya.

FRANCISCO

May dalawang daang piso na akong ipon. Kasya na ba iyon?

BASTI

Kasya na iyon.

FRANCISCO

*(kina Tomas at Candido)*

O, ano, Toming? Didong?

TOMAS

Dapat sigurong pag-isi…

FRANCISCO

Palagay ko, ito na ang pagkakataong hinihintay natin.

TOMAS

May apat na raan din akong naitabi pero...

CANDIDO

Gusto kong sumama pero wala akong pera.

BASTI

Hindi problema ang pera.

TOMAS

Kung gusto mo, Didong, ipapahiram ko sa iyo ang pera ko.

*Iiling lang si Francisco.*

*Bahagyang didilim.*

*Walang gagalaw maliban kay TOMAS.*

TOMAS

At sa ganoong paraan kami nagkahiwa-hiwalay. Tumuloy sa Awstralya sina Didong at Kiko kasama si Sebastian Ramirez. Ako naman, natagalan din bago bumalik sa Malinao. Pagkatapos ng ilang taon pa sa Negros, pumunta ako sa Maynila. Tumigil sa Tondo kung saan ko nakilala si Procopio na kapatid ni Andres Bonifacio. Pero napapauna ako sa aking kwento.

KATAPUSAN NG UNANG YUGTO.

**<u>IKALAWANG YUGTO</u> : ANG PAGLALAKBAY**

*Unang tagpo: Sirena*

<u>Sa pagbukas ng tabing:</u> *BERDE AT DILAW ang mga ilaw sa buong entablado. Kulay DALANDAN ang mga dahon ng puno. May nakalatag na SIRENA sa tabla, nagpapaaraw. Mahaba ang ginintuang buhok n'ya.*

*May maririnig na KALUSKOS sa likod ng entablado.*

*Lulusong ang SIRENA sa tubig. Lalangoy sa isang sulok.*

*Papasok si CANDIDO. Maghuhubad ng damit. At susuong sa tubig. Lalangoy siya.*

*Mapupulikat si CANDIDO kaya parang mapapalaban sa higop ng tubig. Makikipagbuno siya sa pwersa ng tubig. Magpupumiglas siya paibabaw.*

*Hihilahin siya ng SIRENA para iligtas. Hahalikan siya ng SIRENA sa labi. Maghahalikan sila at magpagulunggulong sa tubig.*

CANDIDO

*(aahon)*

Sabi ng lola ko, hindi raw dapat kalabanin ang tubig. Sa halip, dapat mong kaibiganin ito. Maraming sorpresa ang dagat. May mga panganib, at may mga biyaya. Pero para sa

akin, ang buhay ay isang pakikipagsapalaran, isang pakikipagdigma. Patuloy akong naghahanap ng kakampi, ng mga paniniwalaan. Hindi na sapat para sa akin ang mga sabi-sabi. Sa mga pagsubok, lalaban ako. May mga bagay na higit pa sa paninisid ng perlas. Marami pang nakahandang sorpresa ang bukas.

*(patlang)*

Parang panaginip pero heto at narito ako ngayon sa Awstralya. Salamat sa perang pautang ni Toming, natuloy kami ni Kiko. Nalulungkot din akong hindi kasama si Tomas. Pero medyo mahina kasi ang loob noon. Palaging nagdadalawang-isip. Maraming pagdududa.

*Ikalawang Tagpo: Shadow Play*

*Magbabago ang ilaw. Mga kulay ng BUKANG-LIWAYWAY. Maririnig ang KALEMBANG ng kampana ng kapilya para sa misa.*

*Papasok si FRANCISCO, bihis na bihis.*

FRANCISCO

*(lalapit kay CANDIDO)*

Ano? Hindi ka ba talaga sasama? Ikaw din, mabuburo ka rito. Doon, maraming…

*(mapapakagat-labi na parang nanggigigil sa babae)*

… mapag-aliwan.

CANDIDO

Kayo na lang muna. Masama ang pakiramdam ko ngayon.

FRANCISCO

Ikaw ang bahala. Basta't ako'y hindi na makakatagal sa islang ito ng isa pang oras. Kailangan kong lumuwas.

*Tutunog uli ang kampana.*

FRANCISCO

O, ayan, tinatawag ka na ni Pader O'Shea. Makipagkwentuhan ka na lang sa paring puti.

CANDIDO

Mag-ingat ka, Kiko.

FRANCISCO

*(ngingiti ng pilyong ngiti)*

Sila ang mag-ingat.

*Lalabas si FRANCISCO.*

*Mag-iilaw sa ESPESYAL NA TANGHALAN habang inaayos ni PADRE O'SHEA, isang Irish missionary, ang SHADOW PLAY para sa mga Pilipino at Hapong maninisid ng perlas sa Awstralya. May dalawang Kanaka aborigines na nanonood. Ang kwento ay "Ang Paglakad ni Hesus sa Dagat" (Mateo 14:22-33).*

O'SHEA

*(habang ginagawa ang shadow play)*

After feeding the crowd of thousands, Jesus went to the hill alone and prayed. When evening came, there was a headwind and the boat of the disciples where battling with the heavy sea.

Jesus went towards the boat, walking on water. When the disciples saw him, they were terrified. "It is a ghost," they said and cried out in fear.

But at once Jesus called out to them saying, "Courage. It is I. Do not be afraid."

Peter answered him, "Lord, if it is you, tell me to come to you across the water."

"Come," said Jesus.

Peter got out of the boat and started walking towards Jesus across the water. But soon,

the force of the wind caused him to panic, and he began to sink.

“Lord! Save me!” Peter cried.

Jesus put out his hand at once and held him. “Man of little faith,” Jesus said, “why did you doubt?” When they got into the boat, the wind stopped. And the disciples said to Jesus, “Truly, you are the Son of God.”

*Papalakpak ang mga manonood. Papatayin ni O’SHEA ang ilaw ng shadow play stage. Haharapin niya ang mga tagapanood na parang isang gurong magtatanong sa kanyang mga mag-aaral.*

O’SHEA

So, what is the moral of the story?

*Walang sasagot, magtitinginan. Sasagot si CANDIDO na nasa kubyerta sa GILID NG LABAK, mag-uusap-usap ang iba pang tagapanood: may sasang-ayon, may mag-aalala, may magtatanong sa katabi.*

O’SHEA

Candide?

CANDIDO

We have faith. Pananampalataya.

O’SHEA

Yes, we must have faith. We must trust in Jesus. We must not doubt His power.

CANDIDO

Father, we can have power? Like anting-anting?

O’SHEA

An-teng-anteng? What anteng?

CANDIDO

Anting-anting, Father. Agimat. Magic. Like Jesus touch wound, disappear. Or walk in water.

O’SHEA

Oh no, Candide. The powers of Jesus are not magic. Yes, he heals the wounds with a touch and he walks on water. But that is because he is the Son of God. Not because of magic. Do you understand?

*Kakamutin ni CANDIDO ang kanyang ulo.*

*Magdidilim.*

*Ikatlong Tagpo: Tatluhan*

*Sa muling pagliwanag, nasa tubig na naman si CANDIDO, lumalangoy.*

*Papasok si FRANCISCO.*

FRANCISCO

*(maghuhubad ng damit)*

Mabuti nakumbinsi rin kitang pumasyal sa Mainland.

*(lulundag sa tubig)*

Kahit papaano, nakapaglibang ka rin.

*Walang gagalaw maliban kay CANDIDO.*

CANDIDO

Sumama ako kay Kiko sa Mainland minsan. Umakyat kami sa kasa. Tarantadong Kiko. Wala palang dalang pera. Naubos daw sa sugal. Kaya ayon, kumuha kami ng piping puta kasi mas mura. Tapos, pumayag pa nang tatluhan.

Nakipagtalik kami sa putang pipi sa sahig ng isang maliit na silid. Tatluhan. Mainit at mapusok ang romansa. Umuusok ang kwarto sa init ng aming mga katawan. Basang-basa ng pawis ang katawan naming tatlo. Nangingintab sa dilim. May mga sandaling bahagyang nasasanggi ang mga katawan namin ni Kiko. Hinihipo n'ya ako, hinahaplos ko siya. Laro lang, hindi kami mga bakla, ano! Nasa putang pipi pa rin ang atensyon at libog namin.

FRANCISCO

*(gagalaw na muli)*

Nasiyahan ka ba?

CANDIDO

Magaling din ang piping iyon. Muntik na siyang makapagsalita sa sarap! Grabe kang makalampirot sa kanya.

FRANCISCO

Ikaw kaya ang kumakagat-kagat sa ano n'ya!

CANDIDO

Ano ang hinahanap mo sa babae, Kiko?

FRANCISCO

Pare-pareho lang ang mga babaeng iyan. Kahit lumpo basta may libog, papatulan ko. Ikaw, ano ang gusto mo?

*(hindi hihintayin ang sagot ni CANDIDO)*

'Wag mo nang sagutin, alam ko na. Ang dakilang si Maria Yatar ng Malinao.

CANDIDO

Hindi pa rin siya mawala sa isip ko. May asawa na kaya siya?

FRANCISCO

Alam mo, Didong, kung minsan, parang gusto kong umiyak pagkatapos magtalik.

CANDIDO

Bakit naman?

FRANCISCO

Ewan, naaalala ko ang Nanay.

CANDIDO

Hanggang ngayon ba naman?

FRANCISCO

Alam ko, kailangan ko na siyang pakawalan. Baka nga patay na siya. Ewan ko ba… Dapat ko na talagang itigil ang paghahanap na ito. Kung wala na, e di, wala na.

CANDIDO

Naalala ko, sabi mo noon, gusto mo ng lumilipad na kabayo para mahanap mo ang nanay mo.

FRANCISCO

Wala na. Kahit sampung lumilipad na kabayo siguro meron ako, palagay ko, hindi ko na makikita ang Nanay.

CANDIDO

'Wag kang magsalita ng ganyan.

FRANCISCO

Hindi, nagiging totoo lang ako. Wala na talaga. Kung talagang dapat kaming magkita muli, dapat noon pa. Minahal ko si Nanay, hinanap ko siya. Pero iyon na lang siguro iyon.

*Lalangoy si FRANCISCO. Mapupulikat siya.*

*Lalapitan siya ni CANDIDO. Tutulungan.*

*Iaahon ni CANDIDO ang walang-malay na si FRANCISCO. I-reresuscitate niya hanggang makaubo ng ilang beses si FRANCISCO.*

CANDIDO

Kiko, tinakot mo ako. Akala ko…

FRANCISCO

Napulikat ako, Didong. Tapos, para akong hinigop ng dilim. Para akong nahulog sa napakalalim na balong madilim.

CANDIDO

Mabuti na lang, nakita't naabot kita kaagad.

FRANCISCO

Salamat, Didong. Marami na akong pagkakautang sa iyo.

CANDIDO

Basta ikaw, Kiko. Sa lahat ng oras.

*Magdidilim.*

*Ika-apat na Tagpo: Tondo*

*Magkakailaw na parang sinisinagan lamang ng buwan. Nag-iinuman sina FRANCISCO, TOMAS, CANDIDO at ilang KAINUMAN sa kubyerta sa GILID NG LABAK. Nakasawsaw sa tubig ang kanilang mga paa.*

KAINUMAN 1

Bale ilang taon kayo sa Awstralya, pare?

FRANCISCO

Umalis kami sa Negros noong 1883, halos… teka, mahigit sampung taon din pala.

*(may dudukuting mga perlas)*

Ito ang ilan sa mga perlas na huling nakuha ko sa paninisid sa Awstralya. Naku, muntik na akong mamatay sa pagkuha ng isa riyan.

TOMAS

Kumusta naman ang buhay doon, Pinsan?

CANDIDO

Noong una, wala kaming problema. Hanga pa nga sila sa mga Pilipino dahil nakakatagal kami ng mahigit kalahating oras sa ilalim ng tubig. Masarap doon, Toming. Pero sa una lang. Nang lumaon, naging nakababagot na rin. Wala naman kaming ginagawa kundi sumisid lang ng perlas, matulog, kumain, sisid uli. Paminsan-minsan, dumadayo kami sa Mainland para magsugal at maglibang. Kadalasan, nauubos ang pera namin kaya balik-kayod na naman.

LALAKI 1

Hindi ba nakakatakot ang paninisid ng perlas? Wala bang mga pating?

CANDIDO

Lakas ng loob lang ang kailangan doon, pare. Kung iisipin mong matatakot ka, wala na. Talagang matatakot ka. Basta ako, dinadaan ko na lang sa dasal.

FRANCISCO

*(parang walang narinig)*

Kaya tumatagal iyang si Didong sa ilalim ng dagat ay dahil sa kanyang anting-anting. May nobya yatang sirena iyan doon sa ibaba. Ipakita mo nga ang iyong anting-anting sa tubig, Didong.

LALAKI 2

Meron kang anting-anting, pare?

CANDIDO

*(tinatamad)*

Wala. Basta, lakas ng loob lang talaga iyan. At linaw ng pag-iisip para hindi mo malimutang kailangan mong huminga't suminghot ng hangin.

LALAKI 1

Masarap ba ang buhay sa Awstralya, pare?

FRANCISCO

S'yempre! Doon, kung ano ang kita namin, ganoon din ang lusta namin. Ubos lahat iyon sa sugal at luho.

CANDIDO

Nakapag-ipon din ako ng kaunti. Pero hindi nagtagal, nagkaroon ng diskriminasyon sa mga Pilipino. Pati rin nga sa mga Hapon. Kaya nagpasya na lang kaming umuwi.

FRANCISCO

Pero ang talagang nangyari, nagsawa na rin si Didong sa paninisid ng perlas. Kaya nang nanalo siya sa loteriya doon, nagyayang umuwi.

CANDIDO

Inisip ko, ang tagal kong hindi nakauwi sa amin. Gusto kong magnegosyo ng kaunti sa Malinao. Hinanap-hanap ko rin ang Aklan. 'Tsaka, medyo malaki na para sa akin ang perang nakuha ko sa loteriya.

FRANCISCO

Teka muna, pare. Magbabawas lang ako ng tangke.

*Pupunta si FRANCISCO sa puno para umihi. Mula sa sanga ng puno, bababa si ASYONG SIGA at dudukutin nito ang supot sa baywang ni FRANCISCO. Mahuhuli ni FRANCISCO ang kamay ni ASYONG SIGA.*

FRANCISCO

Kawatan! Tarantado ka pala, e. Bugbog ang hanap mo!

*Lalabanan siya ni ASYONG SIGA.*

ASYONG SIGA

Putak ka nang putak. Para kang lasing na inahin!

FRANCISCO

Inahin pala, ha? Hup!

*Uumbagin ni FRANCISCO si ASYONG SIGA. Maglalaban sila. Medyo lasing na nga si FRANCISCO pero magaling pa rin siyang makipag-away. Magkakagulo, mapapansin sila nina TOMAS. Tatakbo sina TOMAS para awatin ang naglalaban. Maglalaban sila, may mahuhulog sa tubig.*

*Mapapadaan si PROCOPIO BONIFACIO, Katipunero, 25 na taong gulang, katawang trabahador. Pagmamasdan ni PROCOPIO ang pakikipag-away ni FRANCISCO. Hahangaan niya ang galing ng lasing. Tatango si PROCOPIO, parang tinatandaan ang mukha ni FRANCISCO.*

*Hanggang kakaripas ng takbo si ASYONG SIGA. Hahabulin siya ng iba pa. Maiiwan sina TOMAS, FRANCISCO at PROCOPIO.*

PROCOPIO

Ano ang nangyari?

FRANCISCO

Wala. May nagtangka lang magnakaw ng mga perlas ko.

TOMAS

Kiko, ito si Procopio. Kapatid ni Andres Bonifacio.

PROCOPIO

Magandang gabi sa iyo.

FRANCISCO

Magandang gabi naman. Ano ang maipaglilingkod namin?

PROCOPIO

Gusto ko kayong anyayahang sumanib sa kilusang itinatag ng kapatid ko. Nasa inyo ang mga katangian na hinahanap namin. Mga katulad ninyong matatapang at buo ang loob ang dapat bumubuo ng kapatiran.

TOMAS

*(kay FRANCISCO, halos pabulong)*

Alam mo na siguro ang tungkol sa Katipunan?

FRANCISCO

Medyo. Pero mawalang-galang na, kaibigang Procopio. Sa palagay ko'y hindi pa natin kayang lumaban sa mga Kastila. Hindi kaya masyadong matayog ang mga pangarap ninyo?

PROCOPIO

Sa ilalim ng mga Kastila'y wala tayong maaasahan pa kundi pawang kahirapan, katraiduran at pagkaalipin. Hindi na natin kayang palipasin ang pagkakataong ito para mabawi ang ating kalayaan. Kailangan nating tumayo sa ating mga sariling paa. Kailangan nating magkaisa sa pakikipaglaban sa mga Kastila.

FRANCISCO

Pero…

*Titingin si FRANCISCO kina TOMAS at PROCOPIO.*

PROCOPIO

Naniniwala akong magtatagumpay tayo sa pamumuno ng aking kapatid na si Andres. May taglay siyang anting-anting na nagpapawalang-bisa sa mga bala. Ang sinumang nasa likod niya ay hindi mamamatay sa bala ng mga Kastila.

TOMAS

Hindi namimili ng kakasapiin ang Katipunang itinatag ni Andres. Pero higit na mabuti kung magpasya tayong sumanib. Tutulungan tayo ni Procopio…

*(maghihintay ng sagot)*

Papaano?

*Titingin si FRANCISCO kay TOMAS.*

FRANCISCO

Pag-iisipan ko.

*Ikalimang Tagpo: Sandugo*

*Sa ESPESYAL NA TANGHALAN, parang pagtatanghal panteatro ang seremonyas ng inisasyon sa Katipunan. Disiplinado ang mga galaw at mabulaklakin ang mga salita. Payak na payak ang kuta ng Katipunan, may isang mesa lang sa gitna, isang silya sa likod at dalawang silya sa harap nito. May mga dokumento at lampara sa ibabaw ng mesa, may mga gamit ng KKK: bolo at bungo. Tanging ang mga bandila lang ng Katipunan ang nakapalamuti.*

BONIFACIO

*(madamdamin)*

Ano ang nararapat nating gawin? Ang araw na tuwiran nang sumikat sa silangan ay malinaw na nagturo sa ating mga matang malaon nang nabulagan ng landas na dapat nating tunguhin. Sa liwanag niya'y tanaw ng ating mga mata ang mga kukong nag-akma ng kamatayang alay sa atin ng mga ganid na asal. Itinuro ng katuwiran na wala tayong iba pang maaantay kundi lalu't-lalong kahirapan, lalu't-lalong kataksilan, lalu't-lalong kaalipustaan, at lalu't-lalong kaapihan.

Itinuro ng katuwiran na huwag nating sayangin ang panahon sa pag-asam ng ipinangakong kaginhawaan na hindi naman darating o mangyayari. Itinuro ng katuwiran na tayo'y umasa sa ating sarili at huwag nating iasa sa iba ang ating

kabuhayan. Itinuro ng katuwiran na tayo'y magkaisang-loob, magkaisang-isip, at tayo'y magkalakas na harapin ang naghaharing kasamaan sa ating Bayan.

*Uupo si Supremo ANDRES BONIFACIO sa silya sa likod ng mesa. Papasok ang nakapiring na sina TOMAS at FRANCISCO. Inaaalalayan sila ng KATIPUNERO 1 at KATIPUNERO 2. Ihaharap sila kay BONIFACIO. Didistansiya ang mga KATIPUNERO pero hindi sila lalabas.*

BONIFACIO

Ano ang kalagayan ng ating bayan noong unang panahon?

FRANCISCO

Ang pamumuhay noon ay masaya at masagana. Ang mga tao ay tahimik na nakikipagkalakalan sa mga Intsik at Hapon.

BONIFACIO

Ano ang kalagayan ng bayan sa ngayon?

FRANCISCO

Dahil sa pang-aabuso ng mga Kastila, lalo na ng mga pari, ang mga mamamayan ay naghihirap. Nawawala na ang kasaganaan at kaginhawaan.

BONIFACIO

At ano naman ang kanyang magiging kalagayan sa darating na panahon?

FRANCISCO

Kung hahayaan ng mga mamamayan, ang kaginhawaan at kasaganaan ay tuluyang

mawawala at mapapalitan ng kahirapan at kaapihan. Kailangan ng mga mamamayan ang ibayong tapang, lakas at buong-paniniwala para manumbalik ang kalayaan. Kailangan ang isang rebulosyon!

BONIFACIO

Magaling. Maupo ka.

*Lalapit ang KATIPUNERO 1 upang alalayan si FRANCISCO na makaupo sa kaliwang silya sa harap ng mesa.*

BONIFACIO

Sino ka at ano ang iyong hinahanap?

TOMAS

Ako si Tomas Briones. Hinahanap ko ang liwanag at gusto kong maging isang tunay na Anak ng Bayan.

BONIFACIO

Nababatid mo bang dito mo matatagpuan ang iyong hinahanap?

TOMAS

Oo, nababatid ko.

BONIFACIO

At sino ang may sabi sa iyo?

TOMAS

Si Procopio Bonifacio.

BONIFACIO

At sino ang nagbunsod sa iyo na magkaroon ng ganitong hangad?

TOMAS

Si Pro…

*(sandaling matitigilan)*

Ako lamang!

BONIFACIO

Alam mo bang sa pagsanib sa Katipunang ito ikaw ay mabibingit sa katakut-takot na kapahamakan gaya ng pagkatapon sa malalayong lupain o mahihiwalay sa piling ng mga pinakagiliw na magulang, asawa, anak at kapatid?

TOMAS

*(matagal bago makasagot)*

Oo, alam ko.

BONIFACIO

Hindi ka ba natatakot? Hindi ka ba natatakot na mapiit sa malungkot na bilangguan o iakyat sa kakila-kilabot na bitayan at patayin ng karumal-dumal? Hindi ka ba natatakot sa gayon karami at halos walang pagitang kamatayan?… Sumagot ka.

TOMAS

Gusto kong makita ang liwanag.

BONIFACIO

Hubarin ang inyong mga piring.

*Walang salitang huhubarin ang mga piring.*

*Magliliwanag pang lalo ang silid. Magkakamayan at mag-uusap ang mga tauhan. Iaayos ang mga dokumento. MAGSASANDUGO. Maghihiwa sila ng braso, sasahurin ang dugo ng isang mangkok. Gamit ang balahibo ng manok o pabo, lalagdaan ni FRANCISCO ang papeles, lalagda rin si BONIFACIO. Huling lalagda si TOMAS.*

BONIFACIO

*(sa mga manonood)*

Mahal kong piling mga kababayan, kahabagan ninyo ako. Saan ang taglay ninyong lakas na inipon at matagal nang ipinagkait sa akin? Damayan ninyo ang aking lubos na pagkaapi. Agawin ninyo ako sa kuko ng mga traidor. Nalimutan n'yo na ba ako?

*(bahagyang titigil)*

Ako ang Kalayaang napalibutan ang kahabag-habag na katawan ng tanikalang-bakal, malapit sa tukso at pinagbantaang patayin. Ako ang ginhawa ng unang panahon na nagbigay ng ligaya sa puso. Iligtas ninyo ako para tayo ay magsama sa lubos na kapayapaan. Huwag kayong manghinayang sa dugong inyong ibubuhos sapagka't tayo ay bibigyan ng ilang-ulit na biyaya. Dumating na ang panahon para ang ating bayan ay ipaghihiganti natin sa mga traidor na Kastila. Ipaghihiganti natin ang mga dugong nawala sa panahon ng pamamahala ng mga manlulupig.

*Magdidilim sa langit.*

*Ika-anim na Tagpo: Donasyon*

*Mag-iilaw PULA sa LABAK.*

*PULA rin ang mga dahon ng puno.*

*Papasok si CANDIDO at ang isang KATIPUNERO.*

CANDIDO

Gusto kong tumulong para mailathala ang peryodiko at kartilya ng kilusan. Nakita ko sa Awstralya na malaki ang magagawa ng pahayagan. Handa akong tumulong.

KATIPUNERO

May pulong tayo sa makalawa. Naayos na ni Pingkian ang bibilhing imprenta. May ilang bagay na lang na kulang.

CANDIDO

Magaling.

KATIPUNERO

Apat na raang piso pa ang kailangan para makapagsimula tayo.

CANDIDO

May pera akong napanalunan sa loteriya doon sa Awstralya. Ano't nagpapainom kami paminsan-minsan kung hindi naman kami makakatulong sa pangangailangang pinansiyal ng kilusan. Sabihin mo sa Supremo, tutulong kami.

*Lalabas ang KATIPUNERO.*

*Bahagyang liliwanag.*

*Papasok si TOMAS, kasunod si FRANCISCO na*

*may dala-dalang sobre.*

CANDIDO

Wala pa ba sila?

TOMAS

Paparating na ang mga iyon.

FRANCISCO

Sigurado kayo sa gagawin nating ito?

TOMAS

Kailangan ng kilusan ang ating tulong.

CANDIDO

Sang-ayon ako kay Toming.

FRANCISCO

Kayo ang bahala.

*Papasok sina BONIFACIO at PROCOPIO.*

FRANCISCO

Supremo, narito ang kalahati ng napanalunan namin sa loteriya doon sa Awstralya.

*Iaabot ni FRANCISCO ang sobre kay BONIFACIO.*

CANDIDO

Gusto naming tumulong sa binabalak ni Pingkian. Sa palagay ko'y malaking tulong para sa kilusan ang isang pahayagan.

BONIFACIO

Maraming salamat sa inyo, mga kapatid. Marami akong naririnig na mga magagandang ulat tungkol sa inyong tatlo. Ikinagagalak kong maging kasapi kayo ng ating kilusan.

FRANCISCO

Amin ang karangalan, Supremo.

TOMAS

Gagawin namin ang lahat para sa ikatatagumpay ng kapatiran at sa paglilingkod sa bayan.

BONIFACIO

Magaling. Dahil sa inyong kabutihang loob at tapang, napagpasyahan kong isama kayo sa San Mateo sa susunod na lingo. Meron tayong mga bagong kasaping itatalaga.

FRANCISCO

Sa muli, amin ang karangalan, Supremo.

TOMAS

Maaasahan mo kami, Supremo.

*Unti-unting magdidilim.*

KATAPUSAN NG IKALAWANG YUGTO.

## <u>IKATLONG YUGTO</u> : ANG PAGBABALIK

*Unang Tagpo: Agaw-agimat*

<u>Sa pagbukas ng tabing:</u> *Tatlong SIRENA ang nagtatampisaw sa LABAK NG TUBIG. Pinapanood sila ni TOMAS mula sa sanga ng puno.*

*Bababa si TOMAS.*

TOMAS

Noong Semana Santa ng 1895, pumunta kami sa yungib ng Bundok Tapusi sa San Mateo. Tatlong diwatang tubig ang nakita ko sa sapa malapit sa yungib.

SIRENA 1

Mag-ingat ka.

SIRENA 2

Tibayan mo ang loob mo.

SIRENA 3

‘Wag kang matakot.

SIRENA 1

Pananampalataya.

SIRENA 2

Taimtim na pag-asa.

SIRENA 3

At kabutihan ng loob para sa lahat.

TOMAS

Salamat.

*Bahagyang sasaludo si TOMAS sa mga SIRENA. Patuloy na maglalaro sa tubig ang mga SIRENA. Magbabago ang kulay ng mga dahon hanggang pipirmi at manatiling BUGHAW.*

*Iilaw sa ESPESYAL NA TANGHALAN kung saan nagpupulong si BONIFACIO at ilang KATIPUNERO.*

BONIFACIO

Magandang taguan ang yungib na ito. Sa anumang kadahilanan at mabunyag ang kilusan bago mahinog ang ating paghahanda, dito tayo magtitipon. Maliwanag ba?

LAHAT

Maliwanag, Supremo.

BONIFACIO

Hala, maghanda na kayo at dito tayo magpapalipas ng gabi.

LAHAT

Opo, Supremo.

BONIFACIO

Biyernes Santo ngayon. Mag-alay tayo ng mga pagkain at inumin para basbasan ng mga espiritu ang ating mga agimat at anting-anting.

TOMAS

*(kay FRANCISCO)*

Sabi ng Lola Puring ko, para makakuha ng agimat, dapat daw tayong maghain ng

pagkain para sa mga espiritu. Tapos, magsindi ng kandila. Bago tuluyang maupos ang kandila, uubusin ng mga espiritu ang pagkain. Mag-iiwan sila ng puting bato sa kanilang kinainan. Pero mag-ingat ka, Kiko. Hindi basta-bastang maaangkin ang puting bato. Kailangan mong makipagbuno sa mga lamang-lupa para mapasaiyo ang puting bato. Ibayong kapangyarihan ang kapalit ng pakikipagdigma sa mga lamang-lupa.

*Magdidilim.*

*Isa-isang magsisindi ng mga KANDILA sina FRANCISCO, TOMAS, CANDIDO, KATIPUNERO 1, at KATIPUNERO 2 sa GILID NG LABAK. Unti-unting magkakailaw.*

*Tapos, bahagyang didilim din. Makakatulog sa pagbabantay ang KATIPUNERO 1.*

*Bahagyang didilim pa. Makakatulog sa pagbabantay ang KATIPUNERO 2.*

*Mas didilim pa ng kaunti. Si FRANCISCO ay naglalaban sa antok. Si TOMAS lang ang gising. Lilingunin niya ang mga kasama. Dahan-dahan niyang dadamputin ang isang bagay sa tabi ng kanyang KANDILA. May kung anong HINDI NAKIKITA ang hahawak sa kamay niya. Makikipaglaban siya sa hindi nakikitang PWERSA. Kamay lang muna. Tapos, buong katawan na.*

*Makikipagbuno siya sa hangin.*

*Sa di kalayuan, nakikipagbuno na rin si FRANCISCO sa HANGIN.*

FRANCISCO

*(habang nakikipagbuno sa HANGIN)*

Toming, tulungan mo ako. Malakas itong kalaban ko.

TOMAS

*(habang nakikipagbuno sa HANGIN)*

Hindi rin ako makabitiw dito, Kiko. Pero tibayan mo ang pananalig mo. Nasa buong pananampalataya ang bisa at kapangyarihan ng mga agimat na ito. ‘Wag mong bitiwan ang bato. ‘Wag mong pakawalan ang anting-anting. Isubo mo! Isubo mo kaagad!

*Itatapon-tapon si TOMAS ng PWERSA, pero lumalaban siya at mukhang nananalo. Mas malakas yata ang kalaban niya kaysa sa nilalabanan ni FRANCISCO.*

*Itatapon si TOMAS ng PWERSA sa tubig kung saan patuloy siyang makikipagtunggali.*

*Magdidilim.*

*Ikalawang Tagpo: Komisyon*

*Iilaw sa ESPESYAL NA TANGHALAN. PULA AT DILAW. Parang nagliliyab na apoy.*

*Naroroon si BONIFACIO na naglalakad-lakad habang nagsasalita.*

*Papasok sina FRANCISCO, CANDIDO, at TOMAS.*

BONIFACIO

Panahon na para patunayan ang inyong galing, mga kapatid. Nasukol na tayo. Wala nang maraming panahon para makapaghanda. Nahayag na ang ating kilusan. Araw na lang ang bibilangin bago ang pagputok ng napipintong himagsikan. Bumalik kayo sa Bisayas. Tipunin ninyo at himukin ang mga tao na makiisa sa ating kilusan. Ang labang ito ay laban ng buong bayan. Hindi na ito himagsikan ng Maynila lamang.

FRANCISCO

Opo, magiting na Supremo.

BONIFACIO

Ikaw, Francisco del Castillo, ang inaatasan kong maging heneral ng misyong ito. Makakatuwang mo sina Candido Iban at Tomas Briones.

TOMAS

Salamat, Supremo.

BONIFACIO

Ihanda ninyo ang mga taumbayan para sa himagsikan laban sa mapang-aping Espanya.

Viva la Independencia Filipina!

TOMAS, CANDIDO, at FRANCISCO

Viva la independencia Filipina!

*Aalingawngaw ang mga sigaw.*

BONIFACIO

Mag-ingat kayo, mga kapatid. Pag-ibayuhin ninyo ang tapang at lakas ng loob. Patnubayan kayo ng Maykapal.

TOMAS

Mag-ingat din kayo, mahal na Supremo.

FRANCISCO

Magkikita tayong muli sa pagtagumpay ng labang ito. Pagpalain nawa tayong lahat.

*Magdidilim.*

*Ikatlong Tagpo: Kayabangan*

*Maglalaro ang mga kulay na BERDE AT ASUL sa buong entablado. Nakalusong sa tubig sina FRANCISCO, TOMAS at CANDIDO.*

TOMAS

*(sa mga manonood)*

Tama ang matandang manghuhula. Napakahaba ng aking paglalakbay mula ng araw na iyon sa barkong papuntang Negros. Hindi na ako nakabalik kay Sobing. Hindi man dumating ang babaeng pumalit sa kanya, para naman akong ikinasal kay Francisco. Hanggang ngayon, nakakabit pa rin ako sa kanya. Mahigit sampung taon kaming nagkahiwalay noong nasa Awstralya sila ni Didong pero pagbalik nila sa Maynila, parang walang nabago. Masidhi pa rin ang damdamin ko para sa kanya.

Parang kapatid na ang turing ko kay Kiko. Pero bakit ganoon? Bakit parang palagi na lang akong nasa likuran niya? Sa panliligaw, sa kanya napupunta ang mga magagandang babae. Sa mga kasamahan sa kilusan, parang lagi siyang higit na pinapahalagahan kaysa sa akin. Kahit ang Supremo, si Kiko ang pinili para mamuno ng misyon sa mismong sarili kong bayan. Sabi ng manghuhula, ako ang susundin ng mga tao. Bakit ako yata ang sunud-sunuran?

*Aahon si TOMAS habang maglalaro sina FRANCISCO at CANDIDO. Magbabasaan.*

At bakit ako nagseselos sa pagkakaibigan nila ni Didong? Pinsan ko si Candido. Mabait siya sa akin. Hindi ako dapat nag-iisip ng ganito. Bakit ako maiinggit? Hindi ko lang

kaibigan si Kiko, ako rin ang matinong gabay sa mga ligaw na lakas at panibugho niya. Noong una pa man ay nakita ko na sa kanya ang mga katangian ng isang magaling na pinuno. Matapang at buo ang kanyang loob. Malakas siya at matindi ang dating sa grupo. Karismatiko siya at madaling makagaanan ng loob. Kapag nagsasalita siya, natatahimik ang lahat. Dapat kong ikatuwa ang tagumpay ng aking kaibigan. Maipagmamalaki ko si Kiko. At wala akong reklamong maging ayudante n'ya.

FRANCISCO

*(kay Candido)*

Hindi kaya tayo mahirapang mangumbinsi ng mga tao roon sa inyo?

CANDIDO

Mga kababayan ko iyon. Makikinig sila sa akin.

FRANCISCO

Pero alam mo ring hindi pinakikinggan ang mga propeta sa sariling bayan.

TOMAS

Basta, magtulungan na lang tayo.

FRANCISCO

Hindi. Ang mabuti pa, hatiin natin. Ako ang bahala sa kanluran. Ikaw ang bahala sa baryo mo. Kung kaya mo pa, mangampanya ka na rin sa mga karatig-baryo mo.

TOMAS

E, kung ako na lang kaya ang kumilos sa kanluran?

FRANCISCO

Unahin n'yo na muna ang baryo ninyo. Kapag nakakuha kayo ng suporta, bahala na

kayong palakihin iyon. Pagbutihin n'yo lang ang kampanya sa silangan, ayos na iyon.

TOMAS

Sige na nga. Ikaw na ang bahala.

FRANCISCO

Para yatang iba ang tono mo.

TOMAS

*(matigas)*

Sumusobra na ang tiwala mo sa sarili. Nagiging mayabang ka na, Kiko. Mag-ingat ka sana dahil iyan ang ikasisira mo.

FRANCISCO

May galit ka ba sa akin, Toming?

TOMAS

Kaibigan mo ako, Kiko, kaya ko sinasabi ito sa iyo. Handa akong magparaya para lalo kang lumaki sa mata ng mga tao.

FRANCISCO

*(nasasaktan)*

Ganoon? Pinagbibigyan mo lang ako?

TOMAS

Tandaan mo, higit sa ano pa man, kaibigan kita.

*Ika-apat na Tagpo: Muling Pagkita*

*Magbabago ang ilaw. Kulay LILA.*

TOMAS

Pasko nang umuwi kami sa Aklan. Disyembre 1896. Matamis na mapait pala ang huling Pasko. Lalo at may himagsikang bumabagabag sa puso mo. Wala naman kasi akong kamuwang-muwang noon na hindi na kami aabutin ng susunod na pasko.

SIMON

*(mula sa labas)*

Toming?… Toming! Ikaw nga, Toming. Salamat sa Diyos, Toto, Salamat sa Diyos! Kay tagal mong nawala.

TOMAS

Narito ako at bumalik. Nasaan si Lola?

*Sandaling tatahimik ang lahat, halos walang gagalaw. Tutungo ang ulo ni SIMON.*

TOMAS

Si Lola?

*Tatango lang si SIMON bilang pagtugon.*

*Tatakbo si TOMAS, mabilis na tatakbo, parang baliw. Iikot siya sa GILID NG LABAK.*

SIMON

Toming! Bumalik ka rito! Toming!

*Patuloy ang pagtakbo ni TOMAS. Matutumba*

*siya. Mahuhulog sa tubig.*

TOMAS

*(buong lakas na sisigaw)*

Lolaaaa!

*Aalingawngaw ang kanyang sigaw.*

*Habang pahina na ang hinagpis, mapapansin ni TOMAS ang pabagu-bagong kulay ng mga dahon – MGA KULAY NG BAHAGHARI hanggang sa manatiling ROSAS.*

TOMAS

Lola, patawarin mo ako. Hindi agad ako nakabalik. Hinabol ko ang pangarap ko at naiwan kita. Ano nga ba ang pangarap mo para sa akin?

*Papasok si EUSOBIA. Lalapit kay TOMAS.*

*Lalabas ang iba pa.*

TOMAS

*(sa mga manonood)*

Pagkatapos ng mahigit sampung taon, muli kaming nagkaharap ni Sobing. Muling nabuhay ang mga binitiwan kong pangako.

EUSOBIA

Toming.

TOMAS

Sobing?

EUSOBIA

Nakalimot ka. Pero ako, hindi. Patuloy akong umasa.

TOMAS

Patawarin mo ako, Sobing.

EUSOBIA

Bakit ganyan kayong mga lalaki? Para bang gustong-gusto ninyong winawasak ang puso naming mga babae?

TOMAS

Hindi ganyan, Sobing. Ang totoo'y higit kaming nasasaktan kung sa aming pagbalik ay makikita namin kung gaano kalaki ang aming inaksaya at sinayang na pag-ibig. Kung minsan, mas nanaisiin na lang naming hindi bumalik kaysa magdusa ang aming kalooban. Pero hindi kami pinatatahimik. Naroon ang sugat na hindi naghihilom.

EUSOBIA

Toming, matagal kang nawala.

TOMAS

Alam ko, at ngayon inuusig ang aking budhi ng mga babaeng aking iniwan.

*Ikalimang Tagpo: Puno ng mga Luha*

*Magkukulay BUGHAW ang mga dahon.*

EUSOBIA

Nang araw na umalis ka papuntang Negros, dinala ako ni Lola sa lugar na ito. Ito raw ang simula ng paghihintay.

*Mag-iilaw sa ESPESYAL NA TANGHALAN. Naroon si LOLA PURING na nakatingin sa kanilang nasa ibaba.*

EUSOBIA

Tinanong ko siya, “Lola, nasaan na tayo?”

LOLA

Nasa simula ng paghihintay, Sobing. Ang pagiging babae ay walang hanggang paghihintay sa mga lalaki ng ating buhay. Paghihintay sa amang mag-uuwi ng makakain, paghihintay sa mga salita ng manliligaw, paghihintay sa alok ng kasal, paghihintay ng siyam na buwan para sa anak, paghihintay sa asawang hindi umuuwi, paghihintay sa iuuwing tagumpay o kabiguan ng anak, paghihintay na ilibing ang bangkay ng ating mga mahal sa buhay.

EUSOBIA

Bakit kakaiba ang mga halaman at mga hayop dito, Lola?

LOLA

Masagana sa pangarap at tunay na malikhain ang puso ng babaeng naghihintay. Para siyang Diyos na lumilikha ng sanlibutan. Ihinahanda niya lahat para sa pagdating ng

lalaki. Ang lalaki ay pwersang maninira: pangangaso, pakikipagdigma, pagbubungkal ng lupa, pagsasanduko at pagbubuno. Ang babae ay pwersang manlilikha: panganganak, pagtatanim at pagdidilig, paghahabi, pagluluto at paghahanda ng mga halamang gamot.

EUSOBIA

Naglabas si Lola ng mga binhi. Itinanim namin ang mga ito.

LOLA

Ito ang tanging daan ng mga babae para marating ang paraiso sa kabila ng lahat ng paghihintay at sama ng loob. Diligan mo ito ng luha at pangungulila. Kung panghihinaan ka ng loob, dito mo ibuhos ang laman ng dibdib mo. Pataba ang lahat ng ating pighati.

EUSOBIA

Binabalik-balikan namin ang itinanim. Dinidilig ng luha. Umiyak kami sa panyo at piniga ang panyo para diligan ang tumutubong halaman. Unti-unting umusbong ang mga sanga. Lumaki nang lumaki. Hanggang naging matatag na puno. Ito ang puno ng mga luha.

Wala ka na sa Negros nang pumanaw si Lola, Toming. Matagal siyang naghintay sa iyo. Sa kanyang paglisan, umakyat siya sa punong ito. Tapos, pinauwi niya ako. Pinatingnan kung dumating ka na. Nang bumalik ako nang sumunod na araw, wala na si Lola. Inakyat siya ng puno sa kanyang pangarap na paraiso. Ako ang nagpatuloy ng inumpisahang paghihintay ni Lola. Dinilig ko ng mga luha ang puno.

Salamat at bumalik ka na.

*Lulungo lang ng ulo si TOMAS, hahaplusin niya ang katawan ng puno, at yayakapin si EUSOBIA.*

*Magdidilim.*

*Ika-anim na Tagpo: Puting Kabayo*

*Sa pagtaas ng ilaw, TATLONG SIRENA ang nasa LABAK NG TUBIG. Magbabago-bago ang ilaw hanggang magkakulay ng DAPIT-HAPON.*

*Papasok sina FRANCISCO at TOMAS. Susuong sila sa tubig at maghahabulan sa mga SIRENA. Hanggang sa mahuli ang isa.*

SIRENA

Pakawalan n'yo ako.

FRANCISCO

Sa isang kundisyon.

SIRENA

Ano?

FRANCISCO

Gusto ko ng isang puting kabayo.

SIRENA

Sirena ako. Hindi tagapag-alaga ng kabayo.

FRANCISCO

Gusto ko ng puting kabayo.

*Magdidilim.*

*Ikapitong Tagpo: Rekrut*

*Sa muling pagliwanag ng buong entablado, hihimukin nina FRANCISCO at TOMAS ang mga manonood. May MGA REKRUT na nakapuwesto sa KAMARA NG TEATRO.*

FRANCISCO

*(bombastiko)*

Pumutok na ang himagsikan sa Maynila. Wala nang urungan ang rebolusyong ito. Araw na lang ang bibilangin bago ang sagupaan. Kailangan nating lahat magbuklod at magsama-sama ng pwersa upang malabanan ang mapang-aping Espanya.

TOMAS

Lulupigin natin ang mga Kastila. Tututulan natin ang mga pagmamalabis. Lalaban tayo.

FRANCISCO

Hahayaan na lang ba natin ang patuloy nilang pang-aapi at pang-aalipusta?

MGA REKRUT

Hindi!

FRANCISCO

Papayagan ba nating magpatuloy ang kasakiman ng mga banyaga?

MGA REKRUT

Hindi!

FRANCISCO

Handa na ba tayong bumawi ng ating kalayaan?

MGA REKRUT

Handa na!

FRANCISCO

Handa na ba tayong lumaban?

MGA REKRUT

Handa na!

REKRUT 1

Ngunit ano ang laban natin sa mga baril nila?

FRANCISCO

Hindi nasusukat sa baril ang tagumpay ng isang rebolusyon. Kung kayo ay handa nang lumaban, kung buo ang inyong loob sa paghangad ng kalayaan, walang balang makakapigil sa inyo. Tibay ng loob at nag-iibayong tapang ang magbabalik sa atin ng ating kalayaan.

*Mula sa isang tabi, hihilain ni FRANCISCO si TATAY ERNING, matandang Katipunero na may butas-butas na damit dahil daw tinadtad ng bala.*

FRANCISCO

Pagmasdan ninyo itong si Tatay Erning. Kung makailang ulit na siyang tinadtad ng bala. Subalit buhay pa rin siya. Pinoprotektahan siya ng aking anting-anting. Ang sinumang nakikipaglaban sa aking tabi ay hindi kayang patumbahin ng anumang bala.

*Walang gagalaw maliban kay TOMAS.*

TOMAS

At kumalat nga ang mga kuwento tungkol sa agimat at kapangyarihan ng mga anting-anting ni Kiko. Tinawag siyang Heneral del Castillo. Ako rin, Heneral ang tawag sa kanya kung minsan. At halos kasabay ng pagkilala sa kanya ay ang pagtitiwala at paniniwala ng mga anak ng rebolusyon sa Aklan. Hindi mapigilan ang mga kuwento. Nakikita ng mga tao ang kanyang puting kabayo na lumilipad sa ibabaw ng mga punong kawayan. O tumatawid sa batis na hindi nababasa. May nagpatunay din na minsang natamaan ng bala ang Heneral at namatay na nga. Ngunit muli siyang nabuhay nang iwagayway sa mukha niya ang kanyang pulang panyo. Hindi na lang ako nagsasalita. Minsan naman daw, sa taniman ng mais, wala silang makain dahil walang apoy. Pero nakapagluto ng mais ang Heneral sa kanyang pulang panyo. Pumutok ang mga mais sa kanyang panyo. Ako ang palaging kasama ni Kiko. Pero kokontrahin ko ba ang mga kwento? Dahil sa mga kwentong iyon, dumami ang sumanib sa Katipunan. Daan-daan ang nagsandugo sa Lagatik dalawang buwan mula nang kami ay manghikayat sa mga taga-Aklan. Dama ko ang tagumpay. At ang nalalapit na paglaya ng bansa mula sa pang-aapi. Paano ko kokontrahin ang mga kwento tungkol sa agimat?

*Gagalaw na muli ang lahat.*

FRANCISCO

Sobra na ang pang-aapi sa Inang Bayan!

MGA REKRUT

Labanan ang mapang-aping Espanya!

FRANCISCO

Sobra na ang pagmamalabis ng mga Prayle!

MGA REKRUT

Ibagsak ang mga halimaw!

FRANCISCO

Sobra na ang pag-aalipusta sa mga indio!

MGA REKRUT

Ipakita natin ang tapang ng mga Pilipino!

*Habang nagsasalita si TOMAS, dalawang REKRUT ang papasok dala-dala ang mga kasangkapan. May isang maliit na mesa. May mga dokumento, bolo, bungo, pansahod sa dugo at balahibo ng manok sa ibabaw ng mesa. May tatlong silya, palaging ang tatsulok ng KKK: isa sa likod ng mesa, dalawa sa harap. Nakaupo si FRANCISCO sa silya sa likod ng mesa. DALAWANG REKRUT pa ang papasok. Uupo sila sa dalawang silya sa harap. May nakahanay pang susunod. Bilang pagsasandugo, maghihiwa ang dalawa sa harap, sasahurin ang dugo at pipirmahan nila ang mga*

*papeles gamit ang kanilang dugo.*

TOMAS

Nakita ko kung paano nagbubuhos ng dugo ang aking mga kababayan. Alam kong higit pa rito ang hinihinging dugo para madilig ang lupang sinilangan na nag-aagaw-buhay. Dagat ng dugo ang hinihinging kapalit ng kalayaang hinahangad. Dahil ganid ang mga manlulupig at hindi sila magkasya sa patak-patak na dugo lamang.

FRANCISCO

Hindi na tayo paaapi!

TOMAS AT MGA REKRUT

Lalaban tayo!

FRANCISCO

Ipagtatanggol natin ang bayan!

TOMAS AT MGA REKRUT

Hanggang kamatayan!

FRANCISCO

Viva la Independencia Filipina!

TOMAS AT MGA REKRUT

*(taas ang kuyom na kamao)*

Viva la Independencia Filipina! Viva la Independencia Filipina! Viva!

KATAPUSAN NG IKATLONG YUGTO.

## IKA-APAT NA YUGTO : ANG REBOLUSYON

*Unang Tagpo: Negosasyon*

Sa pagbukas ng tabing: *Mataas ang araw. Nakaupo sa kubyerta ang ilang KATIPUNERO. May apat na upuang bakante (para sa mga darating). Palakad-lakad si FRANCISCO. Balisa at patingin-tingin sa direksyon ng TULAY.*

FRANCISCO

Darating ba sila?

KATIPUNERO 1

Opo, Heneral. Darating ang mga iyon.

*Papasok sina TOMAS, PADRE JAYME na malaki ang tiyan at pandak na pari, at si DON JUAN AZARRAGA, mestizong Kastilang may balbas, kapitan munisipal ng Kalibo.*

FRANCISCO

Magandang gabi, Padre… Don Juan. Maupo kayo.

*Mauupo silang lahat.*

FRANCISCO

Ipagpaumanhin ninyo ang ora-oradang pagpatawag ko ng pulong na ito. Hindi na ako magpaligoy-ligoy pa. Gusto kong mapag-usapan natin ang ilang bagay tungkol sa rebolusyon. Malaki na ang bilang ng aming kilusan at kaya na naming agawin ang Casa Tribunal sa Kalibo anumang oras mula ngayon. Subali't hanggang maari, gusto kong iwasan ang pagdanak ng dugo. Tutal, kayo naman ay maimpluwensiya, gusto kong

magtulungan na lang tayo. P'wede ba nating pag-usapan ito?

*Seryosong pag-iisipan ni PADRE JAYME ang sinabi ni FRANCISCO.*

FRANCISCO

Padre?

*Balisang-balisa si DON JUAN. Hindi siya mapakali sa kanyang upuan.*

FRANCISCO

Don Juan?

*Katahimikan.*

*Titingin ang lahat kay DON JUAN.*

FRANCISCO

Ang taumbayan ay nasa aming panig na. Handa kaming lumaban. Kung hindi kayo sasang-ayon, magkakagulo. Handa ba kayong tumulong, o tayo ang magkalaban-laban?

*(tatayo at maglalakad-lakad)*

Limang kahilingan: Una, kilalanin at tanggapin ninyo ang Katipunan bilang kilusan na rin ninyo; pangalawa, tulungan ninyo ang mga rebolusyonaryo; pangatlo, susuportahan ninyo ang Kilusan ng pagkain, pera, at lalung-lalo na, ng mga armas; pang-apat, papayag si Don Juan na gagawing kampo ng Katipunan ang bahay niya sa Kalibo; at panglima, makikisandugo si Padre Jayme. Ano sa palagay ninyo?

*Titingin si DON JUAN kay FRANCISCO, iikot*

*ang kanyang paningin kay PADRE JAYME, at sa lahat ng naroroon. Magbubuntong-hininga si DON JUAN.*

*Magdidilim.*

*Ikalawang Tagpo: Pagmamahalan*

*Kulay ROSAS ang mga dahon ng puno.*

*Nakaupo sa GILID NG LABAK sina TOMAS at EUSOBIA. Nahihiya pa rin sa isa't isa. Halos silang magkatinginan at magkatitigan. May hawak-hawak na bulaklak ng GUMAMELA si TOMAS.*

TOMAS

Hindi ko alam kung saan hahantong ang pakikipaglabanang ito, Sobing.

*(ilalagay ang bulaklak sa tenga ni EUSOBIA)*

Pero higit kailanman, ngayon ako lalong higit na kailangan ng ating bayan.

EUSOBIA

Nauunawaan ko, Toming.

TOMAS

Ang dami nating panahong inaksaya.

EUSOBIA

Ang mahalaga ay bumalik ka.

TOMAS

Hindi na kita muling iiwan, Sobing.

EUSOBIA

At hindi rin ako papayag na iiwan mong muli.

TOMAS

Pagkatapos ng digmaang ito, mabubuhay tayong mapayapa. Kaunting tiis na lang,

aking mahal.

EUSOBIA

Mahal din kita, Toming.

*Hahaplusin ni TOMAS ang pisngi ni EUSOBIA. Gagawaran ng halik. Mapapayakap si EUSOBIA. Mapusok na halikan. Hipuan. Mabilis na hubaran. Hayok.*

*Unti-unting magdidilim.*

*Ikatlong Tagpo: Levantamiento*

*Naghahanda ang MGA KATIPUNERO sa pag-agaw ng munisipyo.*

CANDIDO

Handa na ba kayo?

KATIPUNERO 1

Matutuloy ba tayo, Kapitan Didong?

CANDIDO

Bakit, natatakot kayo?

KATIPUNERO 2

E, nasaan si Toming?

CANDIDO

Nakipagkita siya kay Heneral del Castillo para sa paglusob natin sa Kalibo bukas. Umalis siya kagabi, baka parating na iyon. Nangako siyang babalik agad. Mamayang hapon natin aagawin ang munisipyo ng Malinao. Tapos, bukas, sasalubungin natin ang hukbo ni Heneral del Castillo sa Nalook at sabay-sabay nating lulusubin ang Kalibo para agawin ang Casa Tribunal.

KATIPUNERO 3

Pero, Didong, bakit wala pa si Toming? Paano kung hindi siya dumating?

CANDIDO

Nag-aalala rin ako para sa aking pinsan pero baka may higit na pangangailangan sa kanya ang Heneral. Maghihintay tayo hanggang tanghali. Pero kahit hindi siya

dumating, alam na natin ang ating gagawin. Itutuloy natin ang ating paglusob sa bayan.

*(mas determinado)*

Ano ang ikinakatakot ninyo? Papatnubayan tayo ng mga agimat ng ating mga ninuno. Nangako si Heneral na hindi maaano ang lumalaban para sa ating kilusan.

KATIPUNERO 1

Madali nating mapapayag si Tan Pati na ipasakamay na sa atin ang munisipyo. Wala silang magagawa sa dami natin.

KATIPUNERO 2

Kay Tan Pati, oo. Pero mahihirapan tayo kay Tan Gusting. Alam mo namang malakas pa rin ang impluwensiya ng dating kapitan munisipal.

CANDIDO

Kumbinsihin natin sila na para rin naman sa ating lahat ito. Ang gusto lang naman natin ay kilalanin at tulungan nila ang kilusan imbes na sundin ang dikta ng mga Kastila.

KATIPUNERO 1

Kung hindi sila madadala sa santong dasalan, maghahalo ang balat sa tinalupan. Tama si Didong. Kahit wala si Toming, itutuloy natin ang pag-agaw ng munisipyo. Alam na natin ang ating gagawin. Saan mauuwi ang labang ito kung titigil tayo ngayon? Maghihintay si Heneral del Castillo sa atin para lusubin ang Kalibo bukas.

CANDIDO

Pataas na ang araw. Panahon na upang gumising ang bayan mula sa kanyang walang

katapusang bangungot. Ihanda ang inyong mga sarili!

*Mag-iilaw sa ESPESYAL NA TANGHALAN kung nasaan naroon sina TOMAS at FRANCISCO.*

TOMAS

Manggagaling kami sa Malinao.

FRANCISCO

Magtatagpo ang ating mga hukbo sa Nalook. Tapos, sabay nating papasukin ang Kalibo.

*(may maaalala)*

Siyanga pala, ipaalam mo sa ating mga kasama na 'wag silang mag-alala tungkol sa mga armas. 'Wag silang panghinaan ng loob. Pumayag na si Don Juan sa ating mga kahilingan. Nangako siyang tutulong.

*(patlang)*

Alam mo, inis na inis ako doon sa alalay niyang si Moises. Para bang ang bigat-bigat ng loob ko sa kanya. Ang tapang kung makatitig, parang nakakalalaki. Talagang parang sinisilaban ako kapag nakatingin ako sa taong iyon. Pinapakulo niya ang dugo ko.

TOMAS

Taga-Malinao iyang si Moises. Mga Ilicito. Asintadong bumaril iyon kaya nakapagtrabaho kay Don Juan. Mag-ingat ka sa kanya.

FRANCISCO

Pero wala siyang magagawa sa akin. Hindi ako tinatablan ng bala. May anting-anting

yata ako.

TOMAS

Umandar naman iyang pagkamayabang mo, Kiko. ‘Wag kang ganyan. Ilang beses ko nang sinabi sa iyo, walang ikabubuti ang sobrang tiwala sa sarili.

FRANCISCO

*(nangungutya)*

Opo, Kuya Toming.

TOMAS

Basta ang sinasabi ko, mag-ingat ka lang.

FRANCISCO

May problema ba, Toming?

TOMAS

Wala naman. Parang kinakabahan lang ako.

FRANCISCO

Natatakot ka ba?

TOMAS

Hindi naman. Para lang… ewan. Bayaan mo na.

FRANCISCO

‘Wag kang mag-alala. Hanggang ngayon ba marami ka pa ring pagdududa? Ngayon pang pumayag na si Don Juan na tumulong sa atin? Walang dadanak na dugo. Manalig ka. ‘Wag magdalawang-isip. Madali nating magagapi ang mga gwardiya sibil. Magiging tahimik ang pag-agaw natin ng Casa Tribunal.

*(medyo pabiro)*

Anong ikinatatakot mo? Tandaan mo, hindi tayo tinatablan ng bala. Hindi nga tayo malapitan ng bala, e.

TOMAS

Wala akong agimat kagaya ninyo ni Didong. Wala akong tiwala sa agimat at mga anting-anting.

FRANCISCO

Dalawang bagay lang ‘yan. Hindi ka naniniwala kaya wala kang agimat. O wala kang agimat dahil hindi ka naniniwala. Kayo ang nagturo sa akin para makakuha ng agimat.

TOMAS

Meron akong bato. Pero hindi ko alam kung talagang puprotektahan ako nito kung ako’y pipilasin ng bala.

FRANCISCO

Manalig ka. Di ba, sabi ng lola mo, lalakas ang kapangyarihan mo kung magtitiwala ka? Magsimula kang magduda at iiwanan ka ng sarili mong galing.

TOMAS

Ayoko lang iasa ang lahat sa agimat.

FRANCISCO

Ang agimat ang nagpapalakas ng loob ng ating mga kasamahan. Makiayon ka na lang. ‘Wag kang masyadong nag-aalala.

TOMAS

O, sige, papaano? Magkita-kita na lang tayo bukas.

FRANCISCO

Bukas, mapapasakamay na natin ang mga kabayanan pati na ang Kalibo. Mag-ingat ka sa iyong lakad, Toming. 'Wag kang panghinaan ng loob. Magwawagi tayo.

TOMAS

Salamat, Kiko. Ikaw din, mag-ingat ka.

*Magyayakapan sila.*

FRANCISCO

'Wag kang mag-alala. Walang mangyayari sa akin. Hangga't suot-suot ko ang aking anting-anting, hindi ako maaano.

*Tatango lang si TOMAS.*

Hanggang bukas!

*Lalabas si FRANCISCO.*

TOMAS

Hanggang bukas!

*Ika-apat na Tagpo: Komprontasyon*

*Magbabago ang ilaw. Mas maliwanag, matindi ang sikat ng araw. Naghihintay sina TOMAS at ang MGA KATIPUNERO sa GILID NG LABAK. Papasok sina sina KAPITAN AGUSTIN ILEJAY na matipuno, malaking mestizo at aakalain mong makakatumba ng maliit na kalabaw, at KAPITAN PATRICIO IBARDOLAZA na may kapayatan bagama't mestizo rin at hindi naman lampa.*

TOMAS

Magtulungan tayo, Tan Gusting… Tan Pati. Para sa kalayaan ng buong bansa ang pinag-uusapan dito. Alam na ninyo ang nangyari sa Kamaynilaan. Wala nang urungan ito.

KATIPUNERO 1

Bukas ay lulusubin namin ang Kalibo. Sumama na kayo sa amin.

TAN GUSTING

Nalolok ka na ba, Nemesio? Kapitan munisipal ako.

TOMAS

*(may katigasan at pangungutya)*

Dating kapitan munisipal, Tan Gusting!

*Bahagyang manlilisik si TAN GUSTING pero magigising siya sa katotohanan.*

Pero hindi iyon ang mahalaga. Kapitan ka pa rin namin. Pero ngayon, kailangan namin ang kapitan ng mga taumbayan. Hindi kapitang-tuta ng mga Kastila.

*(hindi inaasahang pagluminay)*

Tan Pati… Tan Gusting, kailangan namin kayo; magtulungan tayo.

TAN GUSTING

Mga hangal kayo. Hindi pa natin kayang tumayo sa ating mga sariling paa. Mapapahamak lamang ang marami kung ipipilit natin ang pakikipaglaban sa mga Kastila. 'Wag kayong tumuloy sa Kalibo bukas. Mapapahamak lang kayo.

TOMAS

Kailan tayo gagalaw, Tan Gusting? Hanggang kailan tayo maghihintay?

TAN GUSTING

Kung hindi n'yo pa alam, nagpadala na ang Maynila ng karagdagang tulong para sa mga Kastila rito. Darating si Koronel Monet para supilin ang Katipunan dito sa Aklan.

TOMAS

Lalabanan namin sila.

*(ituturo ang mga manonood)*

Tingnan ninyo ang mga taong iyan sa ibaba. Kung mapayapa ninyong isusuko sa amin ang munisipyo ngayon, susunod silang lahat sa amin. Walang masasayang na dugo.

TAN GUSTING

Ipapahamak ninyo ang mga taong iyan. Wala kayong laban sa pwersa ng mga Kastila.

TOMAS

Isang tanong, isang sagot: Payapa ninyong isusuko ang munisipyo, o gusto ninyong

diligan ng dugo ang kasang ito?

TAN GUSTING

‘Wag ninyo akong takutin. Matagal na akong takot.

*Sa galit ng KATIPUNERO 1, hahawakan niya ang kuwelyo ni TAN GUSTING.*

KATIPUNERO 1

*(hindi binibitiwan si TAN GUSTING)*

Huling tanong, Tan Gusting. Kaibigan o kaaway?

*Duduraan si TAN GUSTING sa mukha ng KATIPUNERO 1.*

TAN GUSTING

May mga rason ang matitigas ang ulo na sila lang ang nakakaalam.

*Maglalaban ang KATIPUNERO 1 at si TAN GUSTING. Mahuhulog sila sa tubig. Patuloy na maglalaban hanggang kapwa panghinaan.*

*Magdidilim.*

*Ikalimang Tagpo: Pagkabuwag*

*PULANG-PULA ang buong entablado. Naghalong dugo at apoy.*

*Papasok si EUSOBIA. Nakabelong itim siya at maraming balabal sa katawan. Parang nagpapanggap, parang takot na may makakita o makakilala sa kanya. May dala siyang basket ng mga pagkain, mga prutas. Lilingon-lingon siya kung may nakasunod sa kanya.*

*Hihinto si EUSOBIA sa tabi ng puno. Ibababa niya ang basket at mamamalakpak ng: Klap… klap-klap! May maririnig siyang sagot na palakpak: Klap… klap-klap. Tapos, sasalubungin siya nina BENITO at SIMON.*

BENITO

Ano ang balita?

EUSOBIA

Wala pa ring balita tungkol kay Toming. Walang nakakaalam kung saan siya itinago ng mga Kastila. Nakiusap na ako kay Padre Jayme pero wala raw siyang alam.

SIMON

Ano ang nangyari sa mga tauhan ni Heneral del Castillo?

EUSOBIA

Nang barilin ng tauhan ni Don Juan ang heneral, tinamaan ito. Nagkagulo, nagtakbuhan ang mga tao. Pati si Toming na dapat magwagayway ng pulang panyo sa mukha ng heneral para muli itong mabuhay, tumakbo rin daw. Ewan, magulo ang pagkakwento sa akin.

SIMON

Ano ang gagawin natin ngayon, Nito?

EUSOBIA

Nito, sumuko na kayo. Wala kayong laban sa karagdagang hukbong dumating mula sa Maynila. Dumaong sa Dumaguit si Koronel Monet at ang kanyang hukbo noong isang araw. Nag-anunsiyo siya ng amnestiya kahapon. Sumuko na kayo. Tulungan ninyong mailigtas si Toming. Baka siya ang babalingan ng mga Kastila kapag hindi kayo sumuko.

BENITO

Paano kung lolokohin na naman tayo ng mga Kastilang iyan?

EUSOBIA

Pero paano kung totoo na nga ito?

SIMON

May katuwiran si Sobing, Nito.

EUSOBIA

Mahihirapan kang tipunin muli ang mga tao, Nito. Patay na si Heneral at hanggang ngayon ay hindi pa nakikita si Toming. Marami na ang hindi naniniwala sa mga anting-

anting at sa proteksyon na ipinangako nila.

BENITO

Tama ba itong gagawin nating pagsuko?

EUSOBIA

Masyadong malakas ang pwersa ng mga kalaban. At ang mga tao natin, madaling matakot, madaling tumakbo.

BENITO

Ewan, naguguluhan ako. Hindi ko alam ang gagawin.

*Dahan-dahang mamamatay ang ilaw.*

*Ika-anim na Tagpo: Walang Agimat*

*Kadiliman.*

*Magkaka-ilaw na direktang nakatutok sa ibabaw ni TOMAS na nakapantalon lang.*

TOMAS

Nagising ako sa dilim. Kalibo, Marso 22, 1897, gabi. May mga ingay sa labas ng bodega: mga pasigaw na utos ng gwardiya sibil, mga daing ng mga kasamahang nahuli. Bumukas ang pinto. Nakita ko ang balangkas ng mga gwardiya at ng mga kapatid sa kilusan. Ipinasok sila ng mga gwardiya at iginapos. Katulad ko, marahas din ang trato sa kanila. Halos hindi ko makilala ang mga kasama dahil nanlilimahid sa dugo, putik at pawis. Parang patay na ang marami sa kanila: walang sigla, walang ganang magsalita. Meron pang parang tulala at hindi makapaniwala sa dinaanan nila.

Ipinasok ng iba pang gwardiya ang isang mahabang kawayan. Itinali kami sa kawayan. Ako ang unang itinali. Isinunod sa akin si Didong.

*Magkaka-ilaw direkta sa ibabaw ni CANDIDO, mas mahina kaysa kay TOMAS.*

Tapos si Nito.

*Magkaka-ilaw direkta sa ibabaw ni BENITO, mas mahina kaysa kay TOMAS.*

CANDIDO

Ano ang nangyari, Kuya Nito?

BENITO

Natuloy kami at naagaw namin ang munisipyo ng Malinao. Sinawimpalad sina Moni at Tan Gusting. Pero pinanghinaan din ang ating mga kasama dahil sa huling binitiwang salita ni Tan Gusting. Nagpadala raw ng saklolo ang mga Kastila mula sa Maynila. Hindi na kami natuloy sa paglusob ng Kalibo. Dumating nga ang hubon ni Koronel Ricardo Monet. Nag-anunsiyo siya ng amnestiya para sa mga rebolusyunaryo. Narinig kong napatay si Heneral del Castillo, walang nakakaalam kung nasaan ka. Hindi ko alam ang gagawin ko kaya sumuko na lang ako. Nagbakasakali sa ipinangakong amnestiya. Pero pinahirapan nila kami. Kinastigo nang kinastigo. Tapos, dinala na kami rito.

CANDIDO

Narinig ko ngang napatay si Kiko. Hindi ako makapaniwala.

TOMAS

Naroon ako, Didong.

CANDIDO

Tomas? Toming, ikaw nga. Ano ang nangyari kay Kiko? Sabihin mo sa akin ang lahat. Nakita mo ba?

TOMAS

Paano ko makakalimutan ang mga sandaling iyon? Naroon ako sa tabi ni Kiko. Nakita ko kung paano niya pinamunuan ang ganoon karaming tao. Daan-daan ang nagmartsa patungong Kalibo. Mahigit isang libo. Parang mga langgam na humanay sa likuran ng kabayo ng Heneral. Sinalubong kami ng mga hukbo galing sa bayan ng Banga, at mga

baryo ng Tigpalas at San Dimas. Masaya. Parang pista. Magaan sa pakiramdam. Ang mga pangamba ay napalitan ng tapang at lakas ng loob. Para bang tiyak na ang tagumpay. Sa dami namin, walang magagawa ang kakarampot na mga gwardiya sibil. Hindi pa dumarating ang sinasabing hukbo ni Koronel Monet.

Para akong maiyak sa mainit na suporta ng mga taumbayan. Binibigyan nila kami ng mga pagkain at inumin. Nakangiti sila sa amin. May mga batang paslit na gumagaya-gaya sa martsa. Kukuha sila ng mga sanga o patpat ng kawayan para gawing sanda-sandata. Meron ding sasakay sa likod ng isa pang bata na para bang si Heneral del Castillo na nangangabayo. May mga babaeng namimigay ng pagkain at inumin sa nagmamartsa. Nakangiti ang mga kadalagahan na para bang ipinagmamalaki kami. Gayon din ang mga nanay. Na para bang ituturo nila sa kanilang mga anak na tularan kami. Nakangiti rin ang mga matatanda. Na para bang kami ang nagsakatuparan ng kanilang mga minimithi. Na para bang kami ang kanilang tagapagligtas. Kung nasaksihan mo ang lahat ng ito, mawawala rin ang takot sa dibdib mo. Lalakas pang lalo ang loob mo na para bang gusto mo nang mamatay kaagad. Sana, namatay na ako noon. Hindi na sana nawasak ang aking pananalig sa Katipunan. Hindi na sana ako nagising na bigo sa aking pangarap na tagumpay at kalayaan.

Tumuloy kami sa bahay ni Don Juan. Nangako raw si Don Juan na tulungan ang Katipunan. Nabalitaan naming nahuli ka kaya nagbakasakali rin kaming dinala ka sa bahay ng Don. O kung hindi man, umasa kaming tutulungan ni Don Juan para palayain ka. Sa balkonahe ng bahay ni Don Juan, naroon si Moises Ilicito.

*Magkaka-ilaw sa ESPESYAL NA TANGHALAN kung nasaan naroon si MOISES ILICITO hawak-hawak ang kanyang RIPLENG MAUSER.*

MOISES

*(pinupuntirya ang mga manonood)*

Ito ang gustong ipapatay ni Don Juan. Mukha ngang hambog. Pero tingnan natin ang galing niya. Anting-anting pala, ha? P'wes, masusubukan ngayon ang galing ng anting-anting mo sa bala ng asintadong Ilicito.

TOMAS

Sumigaw si Kiko, "Donde esta Don Juan?" Sumagot si Moises…

MOISES

Nandoon sa kumbento. Nakipagpulong kay Padre Jayme. Bakit?

TOMAS

Sumigaw si Kiko, "Alam niyang darating kami."

MOISES

Kung gusto mo ay maghintay kayo. Kung nagmamadali naman kayo, puntahan ninyo sa simbahan.

TOMAS

Asar na asar si Kiko kay Moises. Inasar n'ya rin si Moises. "Bakit ba," sigaw n'ya, "ang tapang-tapang ng tono ng pananalita mo? E, alalay ka lang naman ng amo mo?"

MOISES

Masyado kang hambog. Ano ang ipinagmamalaki mo? Ang anting-anting mo? Kahit

kabayo mo ay hindi ka itatakbong buhay kapag inasinta kita.

TOMAS

Nagsalita si Kiko sa mga kasamahan, para pagtawanan si Moises. "'Yan, mga kapatid," sabi n'ya, "'yan si Moises Ilicito, asintadong utusan ni Don Juan." Tumawa ang ibang mga kasama. "Sige nga," patuloy ni Kiko, "subukan mo, asintado. Baka nga matamaan mo ako."

*(mas nangungutya)*

"Heto, lalapit pa ako sa iyo."

Inasinta ni Moises si Kiko. Kinalkula ang galaw nito. Ayaw niyang mapahiya at gusto niyang mapatay si Kiko na magmamayabang. Pinitik ni Moises ang gatilyo. Pumutok. Umaso ang dulo ng riple. Tinamaan sa noo si Kiko. May nakaplaster na gulat sa mukha ng Heneral. Hindi siya makapaniwalang tinamaan siya. Bumagsak siya mula sa kanyang kabayo. Nalugmok ang katawan ni Kiko sa kalye. Nagtakbuhan palayo sa bumagsak na katawan ang mga taumbayan. Ngumiti sa tagumpay at nangutya ang mukha ni Moises. Lalong nagkagulo ang mga taumbayan. Nagtakbuhan sa iba't-ibang sulok. Natulala ako, tapos tumakbo na rin ako. Pero bumalik ako. Hinanap ko sa katawan n'ya ang pulang panyo. Pagkakita, iwinagayway ko ito sa kanyang mukha. Higit na mabilis ang pagwagayway, desperado. Naisip ko, wala naman pala siyang agimat! Tumakbo akong parang baliw na nagsisisigaw. Wala sa sarili. Wala naman pala siyang agimat! Wala naman pala siyang anting-anting!

CANDIDO

Tahan na, Toming, tahan na.

*Mamamatay ang ilaw na nakatuon kay CANDIDO.*

TOMAS

Wala naman pala siyang anting-anting.

BENITO

Wala naman pala siyang agimat!

*Mamamatay ang ilaw na nakatuon kay BENITO.*

TOMAS

Inasa natin ang ating mga buhay sa agimat.

*Unti-unting magdidilim.*

*Ikapitong Tagpo: Tunay na Agimat*

*Ilang sandaling KADILIMAN.*

*KUKULOG AT KIKIDLAT. Muling kukulog at kikidlat. Uulan sa LABAK NG TUBIG. Maglalaro ang mga patak ng ulan at ang ibabaw ng tubig. ISANG MAKAWIWILING PALABAS.*

*Nasa tubig si FRANCISCO. Mukhang nalulunod.*

FRANCISCO

Tomas! Tomas! Tulungan mo ako.

*Papasok si TOMAS.*

*Lulundag sa tubig para iligtas si FRANCISCO.*

*Iaahon ni TOMAS si FRANCISCO.*

FRANCISCO

Nagtagumpay ang himagsikan. Lumaya ang ating Inang Bayan.

TOMAS

Pero hindi man lang natin nakita ang bukang-liwayway.

FRANCISCO

Dugo natin ang nagdilig ng himagsikan. Nagtagumpay ang rebolusyon dahil ipinagpatuloy ng iba ang ating sinimulan. At nanaisin kong mamatay ng sampung libong beses kung ang kapalit nito ay ang pag-udyok sa pinakapuso ng ating lahi para ipaglaban ang ating kalayaan.

TOMAS

Namatay tayo.

FRANCISCO

Namatay tayo na may katuturan.

TOMAS

Naging masaya ka ba sa buhay mo?

FRANCISCO

Oo naman. Maraming sakit at hapdi, pero may mga oras naman ng tunay na kaligayahan. Nariyan kayo ni Didong. Kayong mga kaibigan ko ang nagpalakas ng loob ko. Kayo ang tunay na mga agimat ko.

*Papasok si CANDIDO.*

TOMAS

Ikaw ang pinakahuling namatay sa ating tatlo.

CANDIDO

Gumana ang anting-anting ko. Pero napag-isip-isip ko, aanhin ko pa ang mabuhay kung wala na kayong mga tunay na kaibigan at lakas ko?

FRANCISCO

Ipagdiwang natin ang kalayaan ng ating Inang Bayan.

*Lulusong sa tubig si CANDIDO. Babasain niya sina TOMAS at FRANCISCO.*

*Babalik sa tubig sina TOMAS at FRANCISCO.*

*Magtatampisaw silang tatlo. Maglalaro na parang*

*mga bata.*

*Unti-unting magdidilim.*

TABING.

KATAPUSAN NG "AGIMAT."